


NOTE:

The BOOK 6-A, CHI UPSILON course may be given as a “stand alone” special Bible study for youth, as an evangelistic/discipleship course, as often as you can gather a group of youth (numbering 7-15, or more). Identify each group as “Batch 1”, “Batch 2”, etc. The idea is that batch graduates will recruit other youth to form a new batch; graduates will also serve as assistants in the training of the new batch. Graduates will be encouraged to join a cell group where they can begin their discipleship training to study NewLife Books 1-14; unless they were already in such a cell group before attending the CHI UPSILON special course.

***CHI UPSILON – CRISTO HIGIT SA LAHAT:******Araling Pang-alagad Para sa Kabataan*****Pastor Bien Llobrera**

INTRODUKSIYON

PANSININ: Pakibasa muna ang “APPENDIX” sa huling bahagi ng aklat ng ito.

**PAGPAPAKILA NG CHI UPSILON
(ORIENTATION MEETING)**

1. Ang kursong ito ay tinatawag na CHI UPSILON.
2. Marahil ay itatanong ninyo, “CHI UPSILON – ano iyan?”
3. Ang CHI at UPSILON ay dalawang letra mula sa abakadang Griyego.

(1) Ang CHI (hugis X sa English at binibigkas na CH) ay siyang unang letra ng pangalan ni Cristo sa wikang Griyego: **CHRISTOS**. (Isulat ang salitang CHI, at letrang hugis X sa pisara; isulat din ang salitang UPSILON, at letrang hugis Y.)


(2) UPSILON (hugis letra Y sa English at may bigkas na letra U) ay siyang unang letra sa salitang Griyego na UPSISTOS, na ibig sabihin ay HIGIT SA LAHAT. (Pansinin: Ang salitang UPSISTOS ay talagang binibigkas na may tunog na H sa simula: HUPSISTOS; subalit sa Griyego, walang letrang H kundi isang kudlit lamang sa ibabaw ng letra; dahil dito, sinusulat natin ang salita na UPSISTOS, pero hindi kinalilimutan na binibigkas ito na may H sa simula). Ganito ang resulta:

CHRISTOS (H)UPSISTOS = CRISTO HIGIT SA LAHAT!

4. Ang CHI UPSILON ay isang pag-aaral sa Biblia na tutulong sa mga Kristiyano, lalo na sa mga kabataan, na paghariin si CRISTO HIGIT SA LAHAT sa bawat bahagi ng kanilang buhay.

5. Sa sandaling tanggapan mo si Cristo bilang Tagapagligtas at Panginoon, ang pagtanggap na ito ay inilalarawan natin sa pamamagitan ng pagsulat ng letrang CHI (X) at letrang UPSILON (Y) sa ibabaw ng bilog or sirkulo ng iyong buhay, na anupat mahahati sa *PITONG BAHAGI* ang bilog sa pitong bahagi na sinasagisag sa English ng mga letrang

G – S – P – FS – SF – P – S.



6 Kapag sumali ka sa kursong CHI UPSILON, matututuhan mong paghariin si CRISTO HIGIT SA LAHAT sa pitong bahaging ito ng iyong buhay.

7 Gusto mo bang sumali sa ganitong pag-aaral? Ibig mo bang matuto kung paano gawin si CRISTO HIGIT SA LAHAT sa pitong bahagi ng iyong buhay? Ang iyong desisyon ay mangangahulugan na bigyan mo ng higit na pahalaga ang pagdalo sa pagdalo sa minsan isang lingo nap ag-aaral. Para makasama sa graduation, dapat matapos mo ang lahat ng aralin. Sakali mang absent ka, ay bibigyan ka ng bukod na pag-aaral para makahabol.

8 May tanong ba kayo? Kung wala, tutuloy na tayo sa ating refreshment. At habang nag-eeenjoy kayo sa refreshment, lahat ng ibig sumali sap ag-aaral ng CHI UPSILON ay magreregistro.

Pakisulat lang ang buong pangalan, address, phone number, paaralan at grado, o kung saan nagtatrabaho; isulat din ang pangalan at telepono ng tatawagan kung mayroong emergency.

ARALIN 1: DIYOS

1. Ang simbolo o logo ng CHI UPSILON ay nagpapakita sa atin kung saan patutungo ang ating pag-aaral sa darating na ilang linggo. Umaasa tayo na makakatapos tayo ng isang aralin tuwing linggo.

2. Ngayon, bilang unang aralin, ating tatalakayin ang unang bahagi: G: GOD – DIYOS. Ang araling ito ay tumutukoy sa ating relasyon sa Diyos.

3. Bakit mahalaga ang bahaging ito? Mahalaga sapagkat nakasalalay sa ating relasyon sa Diyos ang ating kapalaran, kung matatamo ba natin o hindi ang buhay na makabuluhan, buhay na maligaya, buhay na balanse at matagumpay.

4. Lahat na ay nagtatanong: “Paano ako magkaroon ng buhay na makabuluhan, maligaya, balanse at matagumpay?”

5. Ibinigay ni Cristo sa atin ang susi tungo sa buhay na makabuluhan, maligaya, balanse at matagumpay. Wika ni Cristo sa Juan 10:10: “Ang magnanakaw ay dumarating lamang upang magnakaw, pumatay, at pumuksa. Ako’y pumarito upang sila’y magkaroon ng buhay, at magkaroon nito nang may kasaganaan.”

6. Sa Juan kabanatang 10 inilalarawan ni Cristo ang kanyang sarili bilang Mabuting Pastol. Inihahambing niya ang kanyang sarili kontra kay Satanas, na isang magnanakaw. Ayon sa Juan 10:10, ano ang tatlong layunin ni Satanas, bilang magnanakaw, laban sa iyong buhay?

(1) Una, layunin ni Satanas na pagnanakawan ka – kanyang nanakawin ang iyong kapayapaan, ang iyong kagalakan, ang iyong mabubuting paninindigang moral, ang iyong kalusugan, ari-arian at mga relasyon.

(2) Pangalawa, layunin ni Satanas na patayin ka.

(3) Pangatlo, layunin ni Satanas na puksain kung anuman ang natitira pa.

7. Ang pinakamaliwanag at palasak na halimbawa ng tatlong layunin ni Satanas ay ang karanasan ng sugapa sa drogas.

(1) Una, nanakawin ni Satanas sa isang sugapa ang kanyang paninindigang moral; nanakawin niya ang kanyang kakayahang talunin ang tukso; nanakawin ang kanyang kalusugan; nanakawin ang kanyang kaligayahan at kapayapaan at layunin at ambisyon sa buhay. Di maglalaon, ang isang sugapa ay magnanakaw din upang matustusan ang kanyang bisyo.

(2) Pangalawa, pagkatapos na nakawin ang kanyang kalusugan, papatayin ni Satanas ang sugapa. Pero bago niya patayin ang sugapa, kakasangkapanin muna niya ang sugapa upang saktan o patayin din ang ibang mga tao.

(3) Sa huli, gagawin ni Satanas ang lahat ng uri ng pagsira at pagpuksa sa mga naiwan ng sugapa – ang kanyang pamilya, mga kaibigan, at iba pa.

8. Bukod sa pagkasugapa sa drogas, ginagamit din ni Satanas ang iba pang mga bisyo upang isagawa ang tatlong nakamamatay na layunin niya – ang pagkasugapa sa pera, sa pagkain, sa seks, sa karangalan, sa kapanagyarihan, sugal, atbp. Pero kahit alinpamang paraan ang gagamitin ni Satanas, lagi siyang mananatiling tapat sa kanyang tatlong layunin: magnakaw, pumatay, at magwasak.

9. Bilang kabaligtaran sa magnanakaw na si Satanas, ibinibigay naman ni Cristo ang kanyang sarili bilang Mabuting Pastol, na dumating upang magbigay ng buhay at buhay na masagana. At ang paraan ni Cristo ay lantay na kabaligtaran ng paraan ni Satanas. Si Satanas ay pumapatay, subalit si Cristo ay namatay para sa atin upang tayo ay mabuhay.

10. Sa Juan 10:11 sinabi ni Cristo tungkol sa kanyang sarili: “Ako ang mabuting pastol. Ibinibigay ng mabuting pastol and kanyang buhay para sa mga tupa.” Ibinigay ni Cristo ang kanyang buhay doon sa krus upang tayo ay tubusin – bilhing muli – tayo na nawawalang mga tupa.

11. Bakit kinailangang mamatay si Cristo doon sa krus?

12. Ito ang dahilan. Noong nilikha ng Diyos ang unang mga magulang natin, si Adan at si Eva, nilikha silang walang kasalanan at sila’y may malapit na relasyon sa Diyos. Ngunit noong sila’y tinukso ni Satanas, sumuway sila sa Diyos at nagpadala sila sa tukso ni Satanas. Dahil dito, ang kanilang relasyon sa Diyos ay naputol, at sila’y naging alipin ni Satanas. Ang malungkot ay lahat ng mga anak ni Adan at ni Eva, lahat ng kanilang mga inapo, ay sumunod lahat sa daan ng kasalanan, anupat ang buong sangkatauhan ay naging alipin ni Satanas.

13. Dahil sa kabanalan at katuwiran ng Diyos, kanyang itinakda na ang lahat ng mga kasalanan ni Adan at ni Eva at ng kanyang mga anak at inapo ay dapat parusahan at bayaran. Hangga’t hindi bayad ang kasalanan ng sangkatauhan, patuloy na hahawakan sila ni Satanas bilang kanyang mga alipin. Subalit gayon na lamang ang pag-ibig ng Diyos sa sanlibutan na anupat ibinigay ni ang kanyang bugtong na Anak na si Cristo Jesus upang siya ang maging ganap at perpektong Handog. Doon sa krus, inako ni Cristo ang lahat ng kasalanan ng sangkatauhan at binayaran lahat ito sa pamamagitan ng kanyang kamatayan doon sa krus.

14. Ngayong bayad na ang utang ng kasalanan, wala ng karapatan si Satanas upang hawakan ang mga tao. Malaya na silang umalis mula sa pagkaalipin kay Satanas.

15. Ngayon, pinapipili ni Cristo ang lahat ng tao – mananatili ba sila bilang alipin ni Satanas? O tatanggapin ba nila ni Cristo bilang Panginoon at Tagapagligtas ng kanilang buhay?

16. Sa mga taong tumanggap kay Cristo, nanangako si Cristo sa kanila na bibigyan sila ng buhay at buhay na masagana. Ang ibig sabihin, sila’y magkakaroon ng buhay na walang hanggan kasama ng Diyos sa langit balang araw, at ngayon dito sa lupa ay makakaranas sila ng buhay na balanse, makahulugan at may layunin, at magkakaroon sila ng tunay na kapayapaan at tunay na kagalakan at tagumpay sa gitna ng mga pagsubok at pag-uusig.

17. Dapat nating liwanagin kung ano ang ibig sabihin ng pagtanggap kay Cristo bilang Panginoon at Tagapagligtas. Maari nating ihalintulad ang ating puso sa isang palasyo ng hari; ang palasyong ito ay may maraming silid; ang pinakamahalagang silid ay ang silid kung saan naroroon ang trono ng hari, at kung saan nakaupo ang hari. Dahil sa kasalanan, ang bawat isa sa atin ay inagaw ang trono at ginawa natin ang ating sarili bilang hari/reyna ng ating buhay.

18. Maraming tao ang may maling akala na tinatanggap nila si Cristo bilang panauhin, at siya’y inilalagay nila sa silid-pangpanauhin. Samantalang sila naman ay nananatiling hari/reyna na nakaupo sa trono ng kanilang buhay, at hindi nila pinapayagan si Cristo na makialam sa kanilang mga gawain at plano; pinagbabawalan nila si Cristo na malaman kung ano ang nasa loob ng ibang mga silid; initinatago nila kay Cristo kung ano ang nangyayari sa loob ng ibang mga silid.

19. Hindi, ang pagtanggap kay Cristo ay HINDI pagtanggap sa kanya bilang panauhin lamang.

20. Ang totoo, kapag tunay na tinanggap mo si Cristo bilang Panginoon at Tagapagligtas, tinatanggap mo siya bilang Hari ng iyong buhay. Isusuko mo sa kanya ang trono ng iyong buhay. At ibibigay mo sa kanya ang lahat ng susi sa buong palasyo. Yuyukod ka sa kanya at isusuko mo ang iyong buong buhay – lahat ng iyong pagktao, lahat ng iyong tinatangkilik, at lahat ng iyong kinabukasan – upang mahalín at paglingkuran sila habang buhay. Ang ikaw ay mangangako na sa tulong niya, paghaharin mo si CRISTO HIGIT SA LAHAT sa bawat bahagi ng iyong buhay: CHRISTOS UPSISTOS – CHI UPSILON!

21. Handa ka bang sagutin ang isang personal na tanong?

22. Totoo bang tinatanggap mo si Cristo bilang Panginoon at Tagapagligtas sa ganitong paraan? Tunay bang isinuko mo na ang iyong sarili upang paghaharin si CRISTO HIGIT SA LAHAT – CHRISTOS UPSISTOS – upang mamuhay mula ngayon ayon sa CHI UPSILON?

23. Kung hindi mo pa nagagawa ito noong nakaraan, handa ka bang gawin ang pagsukong ito ngayon?

24. Kung nagawa mo na ang pagsukong ito noong nakaraan, handa ka bang gawin uli ito?

25. Idalangin ang ganito:

“Mahal na Amang nasa langit, isinusuko ko na ngayon ang bung buhay ko, ang aking espiritu, kaluluwa at katawan, lahat ng aking pagkatao, lahat ng aking tinatangkilik, lahat ng aking relasyon, at lahat ng araw ng aking buhay. Mula ngayon ako ay sa iyo na lamang at sa iyo magpakailanman. Mula ngayon paghaharin ko si CRISTO HIGIT SA LAHAT – CHRISTOS UPSISTOS – sa bawat bahagi ng aking buhay, at sa iyong tulong

ay sisikapin kong laging mamuhay na naaayon sa PARAANG CHI UPSILON. Sa pangalan ni Cristo. Amen.”

TALATANG SASAULUHIN

26. Upang pare-pareho tayong lahat, isasaulo natin ang mga talata mula sa New King James Version (sa English) at sa Ang Bagong Ang Bila (sa Tagalog).

27. Sa isang tarheta ay isulat ang talatang ito at isaulo:

JUAN 10:10 – Ang magnanakaw ay dumarating lamang upang magnakaw, pumatay, at pumuksa. Ako’y pumarito upang sila’y magkaroon ng buhay, at magkaroon nito nang may kasaganaan. – JUAN 10:10

ARALIN 2: SARILI

PANIMULA

1. Pagkatapos na tanggapin mo si Cristo bilang Panginon at Tagapagligtas at pagkatapos mong italaga ang iyong sarili upang paghariin si CRISTO HIGIT SA LAHAT – CHRISTOS UPSISTOS – upang maipamuhay mo ang ugaling CHI UPSILON, ang sunod na bahagi ng buhay na tutulungan ka ni Cristo upang ito’y iyong maunawaan at magkaroon ng balanseng pahalaga ay ang iyong SARILI, ang iyong pagtingin sa sarili, kung paano mo pinahahalagahan ang iyong sarili.

(Idrawing ang diagrama ng CHI UPSILON sa pisara o kaya’y sa poster.

2. Lubhang napakahalaga kung ano ang pagtingin mo sa iyong sarili. Ang pagtingin mo sa sarili ay umaapekto sa iyong pagtingin sa ibang tao at sa daigdig sa iyong kapaligiran. Ang pagtrato mo sa sarili ay umaapekto sa iyong pagtrato sa ibang tao. Kung paano mo pinamumunuan ang iyong sarili ay umaapekto sa kung paano mo pamumunuan ang mga bagay at pangyayaring dumarating sa buhay mo.

3. Pinatunayan ng mga Israelita ang masamang epekto ng negatibong pagtingin sa sarili. Basahin at bulay-bulayin natin ang pangungusap ng mga Israelita sa Bilang 13:33: “At nakita namin doon ang mga Nefilim, ang mga anak ni Anak, na mula sa Nefilim (mga higante); at kami sa aming sariling paningin ay naging parang mga tipaklong, at gayundin kami sa kanilang paningin.”

4. Napansin ba ninyo iyon? Una, sinabi nila, “Kami SA AMING PANINGIN ay naging parang tipaklong.” At ang resulta, ano ang naging tingin sa kanila ng kanilang mga kaaway: “At GAYUNDIN KAMI SA KANILANG PANINGIN.” Kayat napakadali silang tinalo ng kanilang kaaway.

5. Iyan ang resulta ng negatibong pagtingin a sarili. Kung ang tingin mo sa sarili ay tipaklong ka, ang ibang tao ay sasang-ayon sa iyo at kanilang sasabihin, “Oo nga, totoong tipaklong ka!”
6. Kabaligtaran ang makikita natin sa binatilyong si David noong kalabanin niya ang higanteng si Goliat. Basahin natin ag 1 Samuel 17:33-3, 42.
7. Si Haring Saul ay may negatibong pagtingin kay David. 1 Samuel 17:33: *Sinabi ni Saul kay David, “Hindi mo kayang labanan ang Filisteong ito sapagkat ikaw ay kabataan pa, at siya’y isang lalaking mandirigma mula pa sa kanyang pagkabata.”*
8. Sumang-ayon si Goliat kay Haring Saul at tiningnan din niya sa David sa ganoon ding negatibong pagtingin. 1 Samuel 17:2: *Nang tumingin ang Filisteo at makita si David ay kanyang hinamak siya, sapagka’t siya’y kabataan pa, mapula ang pisngi at ma magandang mukha. Sa tingin ni Goliat si David ay isang batang paslit, kulay-rosas ang pisngi at magandang tulad ng batang babae.*
9. Subalit si David ay may pagtingin sa sarili na kaloob ng Diyos. Pakinggan ang kanyang mga salita sa 1 Samuel 17:34:

34 Sinabi ni David kay Saul, “Ang iyong lingkod ay nag-aalaga ng mga tupa para sa kanyang ama. Kapag may dumating na leon, o kaya’y oso, at kinukuha ang isang kordero sa kawan,

35 ay hinahabol ko siya at aking pinapatay, at aking inililigtas ang kordero mula sa kanyang bibig. Kapag dinaluhong ako ay aking hinahawakan sa panga, aking sinasaktan at pinapatay.

3 Nakapatay ang iyong lingkod ng mga leon at mga oso; at ang Filisteong ito na hindi tuli ay magiging isa sa kanila, yamang kanyang hinahamon ang mga hukbo ng Diyos na buhay.”

37 Sinabi ni David, “Ang PANGINOON na nagligtas sa akin sa mga kuko ng leon at ng oso, ay siyang magliligtas sa akin sa kamay ng Filisteong ito.”

10. Ang tingin ni David sa sarili ay isa siyang mamamatay ng leon at oso sa tulong ng Diyos; at sa tulong din ng Diyos ang tingin niya sa sarili ay isa rin siyang mamamatay ng higante. Alam natin kung ano ang naging katapusan ng kuwento. Ang beteranong higanteng guerrero si Goliat ay tinalo ng binatilyong si David.

ANONG TINGIN MO SA SARILI?

11. Paano mo malalaman kung ano ang tingin mo sa sarili?
12. Upang malaman kung ano ang iyong tingin sa sarili, isang kilalang tagapayo ng mga kabataan ay nagbibigay ng ganitong mungkahi: Tingnan mo ang iyong sarili sa harap ng salamin. Kung may kapangyarihan kang baguhin ang ilanmang bagay tungkol sa iyong sarili, ano ang gusto mong baguhin tungkol sa mga sumusunod...

- Ang iyong kaanyuang pisikal

- Ang iyong personalidad
- Ang iyong mga talento at kakayahan (o kawalan nito)
- Ang pamilyang pinanggaligan
- Ang iyong katatayuan sa lipunan, sa pananalapi, sa edukasyon
- At iba pa

13. Mag-ukol tayo ng panahon ngayon upang isulat ang ating mga sagot. Maging tapat ka sa iyong sarili; isulat mo kung ano talaga ang iyong damdamin tungkol sa iyong sarili. Hindi ka pipiliting sabihin sa iba ang iyong mga sagot.

WALANG PERPEKTO

14. Walang taong perpekto. Kung talagang tapat tayo, aaminin natin na may mga bagay tungkol sa ating sarili na ibig nating baguhin.

15. Yamang si Cristo ay nakaupo sa trono ng ating buhay bilang Panginoon at Tagapagligtas, tutulongan niya tayo na magkaroon ng mabuti at positibong pagtingin sa sarili. Sa pamamagitan ng kanyang Salita, ang Biblia, ay masusunod natin ang tatlong mabisang hakbang tungo sa mabuti at positibong pagtingin sa sarili.

- **HAKBANG 1: PASALAMATAN ANG DIYOS SA KANYANG PAGKALIKHA SA IYO.**
- **HAKBANG 2: BAGUHIN ANG MGA BAGAY NA MABABAGO.**
- **HAKBANG 3: LUWALHATIIN ANG DIYOS SA PAMAMAGITAN NG MGA BAGAY NA DI MABABAGO.**

16. Pag-aralan nating mabuti ang Awit 139:13-18. Ating sagutin ang sumusunod na tanong:

(1) Sino ang lumikha sa atin sa sinapupunan ng ating nanay?

(2) Yamang nilikha tayo ng Diyos, naniniwala ka ba na talagang siya ng nagtakda ng bawat detalye ng ating pagkatao sa ating pisikal na katawan, sa ating emosyon, at sa ating kaisipan? Ipaliwanag ang iyong sagot.

(3) Pag-aralan natin ang Awit 139:16 sa dalawang salin:

a. Ang Bagong Ang Biblia: Nakita ng iyong mga mata ang aking wala pang anyong sangkap; at sa iyong aklat bawat isa sa mga iyon ay nakasulat, ang mga araw na sa akin ay itinakda, nang wala pang anuman sa kanila.

b. Magandang Balita Biblia: Ako'y iyong nakita na, hindi pa man sumisilang, batid mo kng ilang taon ang haba ng aking buhay; pagkat ito' nakatitik sa aklat mo na talaan, matagal nang balangkas mong ikaw lamang ang may alam.

17. Sa paghahambing ng dalawang saling ito, dalawang bagay ang maliwanag na lumilitaw:

(1) Una, nilikha ng Diyos ang bawat bahagi ng ating pagkatao, at kanyang isinulat laha ang mga ito sa kanyang aklat – kung ano ang kulay ng ating mata at balat, ang ating magiging taas, timbang, at iba pa.

(2) Pangalawa, isinulat din ng Diyos ang bilang ng mga araw ng ating buhay, kung gaano kahaba tayo mabubuhay.

18. Bukod pa sa paglikha ng Diyos sa ating pisikal na buhay at personalidad, itinakda rin ng Diyos ang panahon, lugar at pangyayari ng ating buhay – kung saan at kailan tayo isisilang, kund saan at kailan tayo titira at lalaki, sampun ng ating kalalagayang panglipunan at pananalapi. Basahin natin ang Gawa 17:26-27.

19. Sang-ayon sa Awit 139:17-18, ano ang matitiyak natin tungkol sa layunin ng Diyos para sa atin buhay?

20. May dakilang layunin ang Diyos para sa ating buhay. Hindi kayang abutin ng ating isipan ang lahat ng mga bagay na inihahanda ng Diyos para sa atin. Basahin natin ang 1 Corinto 2:9 at Efeso 3:20, 21.

21. Ano kung gayon ang dapat maging tugon mo sa katotohanan na ang Diyos ang siyang lumikha sa iyo at mayroon siyang dakilang plano para sa buhay mo? Ang iyong tugon ay dapat na ayon sa HAKBANG 1.

- HAKBANG 1: PASALAMATAN ANG DIYOS SA KANYANG PAGKALIKHA SA IYO.

22. Yamang nilikha ka ng Diyos na ganyan ay HINDI nangangahulugan hindi na natin babaguhin kahit anumang. Ang mabuti at positibong pagtingin sa sarili ay nagtataglay din ng pangalawang hakbang.

- HAKBANG 2: BAGUHIN ANG MGA BAGAY NA MABABAGO.

a. Halimbawa, kung ikaw ay MAHIYAIN, puwede mong pag-aralan kung paano ka maging makisalamuha sa iba. Hindi ka magiging kasing-bibo ng taong likas na ganito, subalit matutuhan ko kong paano ka higit na makipagkaibigan sa iba.

b. Isa pang halimbawa, kung ikaw ay mahusay sa Ingles at mahina sa matematika, hindi nito ibig sabihin na hindi ka higit na matuto sa matematika upang magkaroon ng mas mataas na grado. Kailangan mong higit na magsumikap, pero kaya mong matuto ng higit.

c. Upang mabago ang mga bagay na kayang baguhin, puwede nating panghawakan ang pangako sa Filipos 4:13: LAHAT NG BAGAY AY AKING MAGAGAWA SA PAMAMAGITAN NIYANG NAGPAPALAKAS SA AKIN.

23. Gayunpaman, dapat nating tanggapin na may mga bagay na hindi mababago. Sa Juan 9:1-3 ay mababasa natin ang tungkol sa isang pangyayaring ganyan; pag-aralan nating mabuti ang kasulatang to. Pansinin natin ang sumusunod:

- (1) Narito ang isang lalaking ipinanganak na bulag.
- (2) Naghahanap ang mga alagad ng taong mapagbubuntunan ng sisi.
- (3) Subalit ano ang sabi ni Cristo? Walang sinumang dapat sisihin. Sa halip, ano ang tunay na dahilan kung bakit ipinanganak na bulag ang taong ito? Sabi ni Cristo, ang lalaking ito ay ipinanganak na bulag dahil sa isang layunin – upang magdulot ng kaluwalhatian sa Diyos. At ganoon nga ang nangyari. Noong inilapat ni Cristo ang kanyang kamay sa kanyang mga bulag na mata, ginamit niya ang pangyayaring ito upang magdulot ng kaluwalhatian sa Diyos.
- (4) Sa iyong sitwasyon, maaring gumawa ang Diyos ng himala o kaya’y hindi para baguhin ang mga bagay. Subalit makatitiyak ka ng isang bagay: kahit na hindi mababago ang iyong sitwasyon, siguradong gagamitin ng Diyos ang iyong sitwasyon upang kanyang luwalhatiin ang kanyang sarili.
- (5) Ito ang nangyari kay apostol Pablo. Basahin natin ang 2 Corinto 12:7-10. Pinahintulutan ng Diyos na magkaroon siya ng tinik galing kay Satanas. Nanalangin siya ng buong taimtim ng tatlong beses na alisin ng Diyos ang tinik. Inalis ba ng Diyos ang tinik? Hindi. Sa halip na alisin ang tinik, ano ang ipinagkaloob kay Pablo? Dahil dito, ano ang kanyang naging patotoo? (2 Corinto 12:9-10).

24. Ito’y nagdadala sa atin sa huling hakbang upang magkaroon tayo ng mabuti at positibong pagtingin sa sarili:

- **HAKBANG 3: LUWALHATIIN ANG DIYOS SA PAMAMAGITAN NG MGA BAGAY NA DI MABABAGO.**

- (1) Lahat tayo’y mayroong mga bagay sa ating buhay at pagkatao at kalalagayan na hindi mababago. Ano ang dapat nating gawin sa mga bagay na ito?
- (2) Ang mga di-mababagong bagay na iyan dapat nating ilagay sa kamay ni Cristo at idalangin sa kanya na bigyan tayo ng kalakasan upang matanggap at madala ang mga bagay na it, at tulad ni apostol Pablo ay idalangin natin sa kanya na gamitin ang mga bagay na ito upang luwalhatiin ang Diyos sa loob natin at sa pamamagitan natin.

PANGWAKAS

25. Natatandaan ba ninyo ang kuwento tungkl sa bubuwit at leon?

Di sinasadyang naapakan ng leon ang buntot ng bubuwit, at nagmakaawa ang bubuwit na hayaan siyang mabuhay, at nangako siya na balang araw ay matutulungan din niya ang leon. Tumawa ang leon. Ano ang maitutulong ng maliit na bubuwit sa leon na siyang hari ng

kagubatan? Gayunpaman pinakawalan din ng leon si bubuwit. Isang araw nahuli ang leon sa isang lambat na bitag. Habang nagpupumiglas siya ng malakas, lalong humihigpit naman ang lambat. Nangt biglang sumulpot ang bubuwit at nag-alok na tutulongan si leon. “Ano ang maitutulong mo sa akin, munting nilalang,” sabi ng leon. “Kung hindi ako makawala sa kabila ng aking lakas, paano mo ako maililigtas?” “Maghintay lang po kayo, Haring Leon,” sabi ng bubuwit at sinimulan niyang paandar ang kanyang mga ngipin. At di nagtagal, ang leon ay nakawala na. At sinabi ng leon, “Ngayon ko napagkilala na kahit maliliit na nilalang ay may angking lihim na lakas. Salamat, kaibigang bubuwit, sa pagliligtas mo sa akin.”

26. Pinagkalooban ka ng Diyos na buhay para sa isang tanging layunin. Pinagkalooban ka niya ng mga katangiang sumasangkap sa iyo upang magagamit ka ng Diyos sa tanging paraan balang araw – ang iyong pinanggalingan, iyong pamilya, iyong mga magulang, mga kapatid, kung saan at kailan ka ipinanganak, ang iyong personalidad, talento, mga kakayahan at maging ang iyong mga kahinaan – ang lahat ng ito’y kaloob sa iyo ng Diyos upang magbigay ng luwalhati sa kanya.

27. Pasalamat mo ang Diyos dahil sa kaloob niyang buhay sa iyo. At mula ngayon ay lumakad ka ng may buong pagtitiwala – hindi sa iyong sarili kundi sa Diyos. Diyos ang lumikha sa iyo, Diyos din ang tutulong sa iyo at siya rin ang gagamit sa iyo bilang kanyang kasangkapan.

28. Mag-ukol na tayo ng panahon ngayon upang italaga natin ang ating sarili upang isagawa ang tatlong hakbang na ito upang matamo ang mabuti at positibong pagtingin sa sarili.

- HAKBANG 1: PASALAMATAN ANG DIYOS SA KANYANG PAGKALIKHA SA IYO.
- HAKBANG 2: BAGUHIN ANG MGA BAGAY NA MABABAGO.
- HAKBANG 3: LUWALHATIIN ANG DIYOS SA PAMAMAGITAN NG MGA BAGAY NA DI MABABAGO.

TALATANG SASAULUHIN:

29. Sa isang tarheta ay isulat ang talatang ito at isaulo:

AWIT 139:16 – Nakita ng iyong mga mata ang aking wala pang anyong sangkap; at sa iyong aklat bawat isa sa mga iyon ay nakasulat, ang mga araw na sa akin ay itinakda, nang wala pang anuman sa kanila. – AWIT 139:16

ARALIN 3. MGA MAGULANG (Bahagi 1)

PANIMULA

1. Sa sandaling tinanggap mo si Cristo bilang Panginoon at Tagapagligtas, at pagkatapos na italaga mo ang iyong sarili upang sundin si CRISTO HIGIT SA LAHAT – CHRISTOS UPSISTOS – sa buhay mo, ang relasyon mo sa iyong mga magulang ay nararapat ding pangunahan ng prinsipyong CHI UPSILON. (Ipakita ang diagrama ng CHI UPSILON.)

2. Muli tayong humarap sa salamin, at sagutin natin ng tapat ang tanong na ito (pakisulat ang inyong sagot):


KUNG TAGLAY MO ANG KAPANGYARIHANG BAGUHIN ANG ANUMANG BAGAY, ANO ANG BABAGUHIN MO TUNGKOL SA IYONG MGA MAGULANG?

3. Ang araling ito tungkol sa mga magulang ay nahahati sa dalawang bahagi. Ang Bahagi 1 ay tumatalakay sa mga prinsipyo kung paano dapat makipag-ugnayan ang mga kabataan sa kanilang mga magulang. Ang Bahagi 2 ay magsusumikap na tulungan ang mga kabataang nakaranas ng kabiguan sa kanilang relasyon sa kanilang magulang. (Mungkahi sa guro: Mas mainam kung ang aralin tungkol sa mga magulang ay ituro sa dalawang bukod na pagtitipon. Sa unang pagtitipon ay talakayin ang Bahagi 1; at talakayin naman ang Bahagi 2 sa sunod na pagtitipon.)

4. Ang mga kabataan – at lahat na – ay kailangang magkaroon ng mabuti at positibong pagtingin sa sarili. Kailangan din nila ang magkaroon ng mabuti at positibong pagtingin sa kanilang mga magulang. Paano nila magagawa ito?

KAAYUSAN NG PAMAMAHALA

5. Una, upang magkaroon ng mabuti at positibong pagtingin sa ating mga magulang, dapat nating maunawaan ang kaayusan ng pamamahala na itinakda ng Diyos upang pangasiwaan ang lipunan ng mga tao.



6. Pansinin natin ang sumusunod na katotohanan tungkol sa itinakda ng Diyos na kaayusan ng pamamahala:

- (1) Diyos ang makapangyarihang Pinuno ng lahat (Daniel 4:1; Mateo 28:18).
 - (2) Itinatag ng Diyos ang gobyerno upang panatilihin ang batas at kaayusan (Rom 13:1-4).
 - (3) Itinatag ng Diyos ang mga magulang bilang tagapamahala sa kanilang mga anak.
 - (a) Magbigay ng mga dahilan kung bakit dapat sumunod ang mga anak sa mga magulang (Efeso 6:1-3).
 - (b) Sang-ayon sa Kawikaan 30:17, ano ang mangyayari sa anak na sumusuway sa magulang?
7. Sa anong paraan makasusunod ang anak sa magulang “nang ayon sa Panginoon” (Efeso 6:1; Lucas 14:26-27)?
8. Sa isang kondisyon lamang puwedeng sumuway ang anak sa magulang: kung ang magulang ay nag-uutos sa anak na itakwil si Cristo, dapat manindigan siya para kay Cristo kahit na suwayin niya ang magulang. Subalit kung ang utos ng magulang ay talaga namang para sa kabutihan ng anak at ng pamilya, dapat sumunod ang anak kahit na mabawasan ang pagdalo niya sa mga gawaing Kristiyano sa simbahan. Halimbawa, utos ng magulang, “Anak, ibig kong tumigil ka sa bahay ngayon para linisin ang iyong silid.” Nagkataon na sa araw ding ito ay may pagtitipon ang mga kabataan sa simbahan. Ang ibig bang sabihin ay inuutusan ba ng magulang na itakwil ng anak si Cristo dahil inuutusan siyang tumigil sa bahay sa araw na ito? Hindi; ang ibig lang ng magulang ay tumigil ang anak ngayon para gawin ang kanyang dapat gawin sa bahay, at sa bagay na tulad nito ay ibig ng Diyos na sumunod ang anak sa magulang.

TATLONG LAYUNIN

9. Dapat nating malaman na itinalaga ng Diyos ang magulang bilang tagapamahala sa mga anak dahil sa tatlong layunin.

(1) BUBONG AT DINGDING

- (a) Nagsisimula ang buhay ng bata bilang kawawang sanggol na walang magagawa. Hanggang kailangan magpapatuloy ang kanyang kawawang kalagayan? Hanggang sa siya’y lumaki at magkaroon ng sapat na kakayahan upang tustusan ang sarili niyang pisikal na pangangailangan ng pagkain, damit, at bahay. Karamihan sa mga anak ay dumarating sa edad na puwede na nilang tustusan ang sarili pagkatapos ng kanilang pag-aaral, na nagbibigay sa kanila ng kakayahang maghanap-buhay.
- (b) Itinatag ng Diyos ang mga magulang upang maging bubong at dingding na magsasanggalang at mag-aaruga sa kanilang mga anak. Hangga’t nakatira ang anak sa loob ng bubong at dingding ng bahay ng magulang ay dapat siyang manatiling nagpapasakop at sumusunod sa mga magulang.

(2) PULIS TRAPIKO

(a) Itinalaga ng Diyos ang mga magulang upang magsilbing “pulis trapiko” para sa mga anak. Lahat ng bata ay ipinanganak na walang alam tungkol sa mabuti at masama. Ang mga magulang ang pangunahing mga guro na ibinigay ng Diyos para turuan ang mga anak nila.

(b) Dapat nating aminin na hindi lahat ng magulang ay mababait. Sa kasamaang palad, may mga magulang na mali ang kanilang paniniwala tungkol sa mabuti at masama. Pero mas maraming magulang ang may maayos na pang-unawa tungkol sa mabuti at masama, at sinisikap nilang maturuan ang kanilang mga anak sa mabuting landas.

(c) Ginagamit natin ang larawan ng “pulis trapiko” upang ipakita ang isang dahilan kung bakit kung minsan ay nagrerebelde ang mga anak sa magulang. Halimbawa, isipin natin ngayon ang isang pulis trapiko na nagdidirekta ng mga sasakyan. Sa araw na ito, sa hindi maipaliwanag na kadahilanan, ang uniporme ng pulis ay marumi at lukot na wika nga ay parang hinugot sa puwit ng aso, anupa’t hindi kagalang-galang tingnan ang pulis na ito. Pagtaas niya ng kamay at pagtunog ng kanyang silbato para patigilin ang iyong sasakyan, susundin mo ba o susuwayin mo siya sa dahilang marumi ang kanyang uniporme at hindi siya kagalang-galang tingnan? Siyempre, susundin mo pa rin siya, kahit na hindi siya mukhang kagalang-galang. Bakit? Dahil siya’y binigyan ng gobyerno ng kapangyarihan upang magdirekta ng trapiko, marumi man o malinis ang kanyang uniporme.

(d) May mga anak na nagrerebelde sa mga magulang dahil sa isip nila maraming pagkukulang at kahinaan ang kanilang magulang. Ngunit itinalaga ng Diyos ang mga magulang upang mamuno sa mga anak, at ang mga anak ay dapat sumunod, basta hindi naman nag-uutos ang mga magulang na gumawa ng masama o lumabag sa utos ng Diyos at ng tao ang mga anak.

(3) ANG PRINSA

a. Alam ba ninyo kung paano nagkakaroon ng elektrisidad sa tulong ng kapangyarihan ng tubig? Ang mga inhenyero ay naglalagay ng prinsang upang pigilan at idirekta ang ilog o talon. At kanilang idinidirekta ang naipong tubig upang paikutin ang mga higanteng turbina na nagpapaikot sa mga dambuhalang mga daynamo na gumagawa ng elektrisidad.

b. Pero isipin ang mga tubig ding iyon ng ilog o talon na pinababayaan lamang umagos kahit saan nila ibig. Makakagawa ba sila ng elektrisidad? Imposible.

c. Bilang mga kabataan kayo ay katulad ng malakas na ilog o talon. Ang likas na hilig ninyo ay ang maging malaya na pumunta kahit saan ninyo ibig at sa lahat ng panahon. Subalit ang inyong mga magulang ay binigyan ng karunungan mula sa Diyos, at sila’y nagsisilbing prinsang na pumipigil at nag-iipon at nagdidirekta sa inyong lakas upang ito’y makagawa ng bagay na mabuti at makakatulong sa iba. Halimbawa, gusto ninyong maglaro na lang ng basketbol sa lahat ng oras. Anong ginagawa ninyo? Para kayong ilog na umaagos kahat saan ninyo gusto. Pero sasabihin ng inyong magulang, “Anak, tumigil ka ngayon sa bahay upang mag-aral.” Ano ang ginagawa ng iyong magulang? Siya’y nagsisilbing prinsang upang idirekta ang inyong lakas para maisagawa ang isang bagay na mahalaga at may pakinabang.

ANG HALIMBAWA NI JESUS

10. Sa katapustapusan, ang mga anak ay nagkakaroon ng mabuti at positibong pagtingin sa kanilang mga magulang kung susundin nila ang halimbawa ni Jesus. Basahin natin ang Lucas 2:51-52.

11. Batid natin na si Jesus ay Anak ng Diyos. Bilang Anak ng Diyos taglay niya ang kalikasan at kapangyarihan ng Diyos. Gayunpaman noong bumaba siya sa lupa upang isilang bilang tao, siya'y nagpasakop nang lubusan sa kanyang mga magulang dito sa lupa.

12. Lucas 2:51: *Umuwi siyang kasama nila, at dumating sa Nazaret at naging masunurin sa kanila...*

13. Sang-ayon sa mga dalubhasa, ang salitang “naging masunurin” ay salitang tumutukoy sa pagpapasakop at pagsunod ng isang sundalo sa kanyang kapitan. At bunga ng ganyang pagpapasakop at pagsunod, si Jesus ay lumaki upang maging isang uri ng taong gusto ng Diyos.

14. Lucas 2:52: *Lumago si Jesus sa karunungan, sa pangangatawan, at naging kalugud-lugod sa Diyos at sa mga tao.* Si Jesus ay napaligiran ng prinsang pamamahala ng kanyang mga magulang sa lupa at ang buhay niya, tulad ng mga tubig ng malakas na ilog, ay naidirekta tungo sa ganap na paglago niya sa isip at sa katawan, na naging kalugud-lugod sa mata ng Diyos at ng tao.

SUNDIN AT IGALANG

15. Pag-aralang muli ang Efeso 6:1-3; isulat ang kahulugan ng talatang ito sa iyong sariling pananalita.

16. Sa katunayan, dalawang utos ang napapaloob sa Efeso 6:1-3: sundin at igalang ang mga magulang natin.

(1) Ang pagsunod ay siyang pangunahing obligasyon natin sa ating mga magulang habang tayo ay mga bata pa at nasa ilalim pa ng kanilang kapangyarihan.

(2) Ang paggalang ay siyang pangunahing obligasyon natin kung tayo ay may sapat na gulang na at nagsasarili na tayo ng buhay. Hindi nito ibig sabihin na hindi natin sila iginagalang nong tayo'y mga bata pa. Ang ibig sabihin ay dapat natin silang igalang habang sila'y nabubuhay, kahit hindi na tayo nakatira sa ilalim ng kanilang bubungan. Paano natin igagalang ang ating mga magulang? Gawin natin ang sumusunod na aksiyon.

MGA AKSIYONG DAPAT GAWIN

AKSIYON 1: PASALAMATAN ANG DIYOS DAHIL SA ATING MGA MAGULANG

Pasalamat natin ang Diyos dahil sa lahat ng tinanggap nating pag-ibig, pangangalaga at pagpapakasakit ng ating mga magulang para sa atin. Maaaring hindi nila naibigay ang lahat ng gusto natin, pero dapat nating pasalamat sila na kanilang ginawa ang buong makakaya nila.

AKSIYON 2: IPAHAYAG SA ATING MGA MAGULANG ANG ATING PAGPAPAHALAGA SA KANILA.

Sabihin sa ating mga magulang na tayo’y nagpapasalamat sa Diyos na binigyan tayo ng magulang na tulad nila. Ipahayag sa kanila, “Tatay, mahal kita; Inay, mahal kita,” hindi lamang sa mga natatanging okasyon, kundi sa tuwinang tayo’y may pagkakataon. Ito ang ilang paraan upang maipakita natin ang ating pagmamahal at pagpapahalaga sa kanila: personal na dalaw, tawag sa telepono, isang sulat ng pag-ibig sa kanila (pansinin ang Paalaala sa hulihan ng araling ito); at paggunita sa kanila sa kanilang kaarawan, anibersaryo, at iba pang tanging okasyon.

AKSIYON 3: PARANGALAN ANG MGA MAGULANG SA MATERYAL NA PARAAN.

Sa materyal na pagpaparangal sa ating mga magulang, dapat nating gawin ang lahat ng makakaya natin upang tulungan sila sa kanilang pagtanda. Maaaring lilitaw ang mga tanong na ito:

Tanong 1: Kaunti lang ang aking kita, magkano ang dapat kung ibigay sa aking mga magulang?

Sagot: Siyempre, magbigay ka lang kung ano ang kaya mo, na hindi mo naman napapabayaang ang pananagutan mo sa iyong pamilya. Hindi mo dapat gawin ang pagtulong na nag-iisa ka lang; kung may mga kapatid ka, pag-usapan ninyo kung sa anong paraan ninyo sama-samang matutulungan ang inyong mga magulang.

Tanong 2: May kaya ang aking mga magulang, dapat pa ba akong tumulong sa kanila?

Sagot: Laging natutuwa ang mga magulang kapag nakatanggap sila ng mga regalo mula sa mga anak, kahit munti lang. Magbigay ng makahulugang regalo kahit na hindi mamahalin.

Tanong 3: Patay na ang aking mga magulang, paano ko pa sila mapaparangalan sa materyal na paraan?

Sagot: Isang tagong panganib ang dapat nating iwasan dito. Maaaring gamitin ni Satan ang araling ito upang sumbatan ang iyong budhi, na nagsasabi, “Talagang pinabayaan mo ang iyong mga magulang. Hindi mo kailanman mapupunuan ang iyong pagkukulang. Talagang isa kang masamang Kristiyano.” Huwag mong payagang nakawin ni Satanas ang katahimikan ng iyong kalooban. Sapat na ang AKSIYON 1 upang parangalan ang alaala ng iyong mga magulang.

Tanong 4: Materyal na tulong lang ba ang dapat kong ibigay?

Sagot: Siyempre, hindi. Ang mga magulang na matatanda na ay nangangailangan ng kapanatagan ng loob at ng pakikisama. Ibig nilang matiyak na hindi sila nakakalimutan, na sila

ay mahal pa rin. Kung kasama mo sila sa bahay, sikaping kausapin sila tuwing may pagkakataon. Kung sila’y nakatira ng bukod, sikaping madalaw sila, o masulatan, o matawagan sa telepono. Ang mga ito’y paraan ng pagpaparangal sa magulang.

PAGTATAPOS

17. Pakisulat ang mga bagay na binabalak mong gawin upang mapagyaman ang iyong relasyon sa iyong mga magulang.

18. Paalaala: Para sa gradwesyon ng CHI UPSILON, maghanda ng isang “love letter” (sulat pag-ibig) na ibibigay sa iyong mga magulang sa oras ng gradwesyon.

TALATANG SASAULUHIN

19. Sa isang tarheta, isulat at isaulo ang EFESO 6:1-3:

EFESO 6:1-3 – Mga anak, sundin ninyo ang inong mga magulang sa Panginon, sapagkat ito’y matuwid. Igalang mo ang iyong ama at ina – ito ang unang utos na may pangako, upang maging mabuti ang inyong kalagayan at ikaw ay mabuhay nang matagal sa ibabaw ng lupa. – EFESO 6:1-3

ARALIN 4. MGA MAGULANG (Bahagi 2)

1. Magpatuloy tayo sa pag-aaral tungkol sa MGA MAGULANG, at kung paano tayo makipag-ugnay sa kanila.

(Ipakita ang logo ng CHI UPSILON.)

2. May mga kabataang nakakaranas ng hidwaan sa kanilang relasyon sa magulang. Sisikapin natin sa araling ito na matulungan kayo upang maunawaan kung bakit may ganyang hidwaan, at sa tulong ng Panginoon, nawa’y magkaroon kayo ng lakas ng loob upang ayusin ang inyong relasyon. Para naman sa mga kabataang may maayos na relasyon sa mga magulang, ang araling ito ay makakatulong sa inyo upang unawain ang inyong mga kaibigang may hidwaan sa kanilang mga magulang.

3. Ang hidwaan ng magulang sa anak ay karaniwang nagdaraan sa sumusunod na grado:

GRADO 1: PAGKABIGO

Ang anak ay nakakaranas ng pagkabigo tungkol sa mga magulang:

1. Kung laging nakakalimutan ng magulang na tuparin ang kanyang mga pangako sa anak.
2. Kung may paborismo (pagtatangi-tangi) ang magulang; ang anak na hindi paborito ay madalas nakakaramdam ng pagkabigo.
3. Kung ang mga inaasahan ng anak mula sa mga magulang ay hindi natutupad, lalo na kung hindi maibigay ng magulang sa anak ang mga pangangailangang materyal o sa pera.
4. Kung walang panahon ang mga magulang upang unawain o samahan ang anak sa kanyang pinagdaraanang karanasan (sa kanyang mga oras ng tagumpay o oras ng pagkatalo).

GRADO 2: PAGKAWALA NG GALANG

Ang bawat anak ay may mataas na pagtingin sa magulang. Nawawala ang paggalang ng anak sa magulang:

1. Kung ang pagdisiplina ng magulang sa anak ay pabago-bago; kung minsan siya'y pinarurusahan, kung minsan ay hindi, kahit ganoon din ang pagkakamaling nagawa niya.
2. Kung natutuklasan ng anak na may kasalanan o masamang ginagawa ang magulang.
3. Kung magulang mismo ang nagtutulak sa anak na gumawa ng masama.
4. Kung napagkikilala ng anak (tama man o mali) na ang mga magulang niya ay hindi umaabot sa kanyang mataas na pagtingin sa kanila. Ang mga magulang ay hindi dapat sisihin kung sila'y nalalantad na tao lang pala sila; pero kung ang anak ay hindi mabigyan ng wastong payo sa tamang panahon, nawawala ang kanyang paggalang sa magulang.

GRADO 3: PAGLAYO

Ang pagkabigo at pagkawala ng galang sa magulang ay nagbubunga ng paglayo ng kalooban sa pagitan ng magulang at anak. Ang paglayo ay napatutunayan ng sumusunod:

1. Hindi mapalagay ang anak sa loob ng bahay. Kung nasa bahay man ang anak, ito'y nagkukulong sa kanyang silid; pero mas ginugusto pa niya na siya'y nasa labas ng bahay hangga't maari.
2. Mas pinipili pa ng anak na makasama niya ang kanyang mga kaibigan kaysa kanyang sariling pamilya.
3. Inililingid ng anak sa mga magulang ang tunay niyang damdamin, kung ano ang kanyang mga ginagawa, at kung sino ang kanyang mga kaibigan.
4. Mas itinuturing pa niya ang ibang tao na parang kanyang magulang, at ang ibang pamilya na parang ito ang totoong pamilya niya. Nagiging panganib ito kung ang nagiging

kapalit ng kanyang magulang at pamilya ay ang mga gang, na nagtuturo sa kanya ng mga gawain masama o labag sa batas.

GRADO 4: PAGREBELDE

Ang pagrebelde ay nahahayag sa pamamagitan ng sumusunod na paraan:

1. Itinuturing ng anak ang mga magulang na tagapagbigay lamang ng suportang materyal at pera.
2. Patuloy na binabale-wala ng anak ang mga hiling, utos o payo ng mga magulang, at karaniwang sinusuway sila.
3. Nagiging ugali ng anak ang mandaya, magbulaan at mangupit sa kanyang mga magulang; at iniisip niyang nararapat lang na “pinarurusahan” niya ang kanyang mga magulang dahil nasaktan nila ang kanyang damdamin.

GRADO 5: GALIT

Sa gradong ito, natutuwa ang anak na makitang nasasaktan ang kanyang mga magulang.

GRADO 6: KAPAITAN NG LOOB

Ang kapaitan ng loob ay maaaring ituring nating kombinasyon ng lahat ng mga negatibong damdamin na naipon mula sa Grado 1 hanggang sa Grado 5, at ang mga negatibong damdaming ito’y iniipon ng anak na parang alak na umaasim at tumitiim sa loob ng kanyang puso.

GRADO 7: DAMDAMING AYAW-MAGPATAWAD

Ang kahihinatnan ng hidwaan ng magulang at anak ay ang pagtigas ng loob ng anak sa damdaming ayaw-magpatawad sa mga magulang. Ito ang gradong nakakasira higit sa lahat. Ang di-pagpapatawad ng anak ay makakahadlang sa kanya upang maranasanang pagpapatawad ng Diyos. Ito rin ang makakahadlang sa kanya na tanggapinang ibang tao at patawarin ang mga nagkasala sa kanya.

PAANO AYUSIN ANG HIDWAAN NG ANAK AT MAGULANG?

4. Paano aayusin ang hidwaan ng anak at magulang? Ang pagpapatawad ay siyang susi sa lahat ng maayos na relasyon, maging ito’y relasyon sa Diyos o sa mga kaibigan o sa mga magulang.
5. Tingnan natin ang mga utos ng Diyos patungkol sa pagpapatawad. Pag-aralang mabuti ang sumusunod na mga talata:

Mateo 6:14-15

Mateo 18:21-22

Efeso 4:32

Mateo 5:44-48

6. Ito ang sukatan ng Diyos para sa pag-ibig at pagpapatawad. Dapat tayong umibig at magpatawad ng kapantay sa pag-ibig at pagpapatawad ng Diyos sa atn. Ang pagpapatawad ng Diyos ay tuloy-tuloy at walang hangganan. Kung Siya’y magpatawad ay kanyang nililimot din ang kasalanang pinatawad. Batid ng Diyos na nasaktang mabuti ang iyong loob, gayunpaman inuutusan ka pa ring magpatawad alang-alang sa iyong ikabubuting espiritwal. Kung ayaw mong magpatawad ay magiging mahirap para sa iyo na tanggapin din ang ganap na pagpapatawad ng Diyos.

7. Ituring mo ang damdaming ayaw magpatawad na parang lason. Habang mas matagal mong kinikimkim sa iyong puso ang lason, ay lalong kakalat ang nakamamatay na kamandag sa buong buhay mo.

8. Dapat na matuto tayong magpatawad at lumimot. Kapag pinatawad tayo ng Diyos, itinuturing niya tayo na para bang hindi kailanman nagkasala sa kanya. Kapag pinatawad mo ang isang tao, lalo na ang mga magulang mo na nakasakit sa iyo, dapat mong matutuhang kalimutan ang mga bagay na ginawa nila na nagdulot sa iyo ng kabiguan at sakit ng kalooban.

10. Handa ka bang sumunod sa Diyos patungkol sa pagpapatawad sa mga nakasakit sa iyo?

11. Gumanap tayo ng isang munting “drama” upang ilarawan ang pagpapatawad. Ang dramang ito ay ginamit na ng iba upang maipaliwanag ang pagpapatawad na dapat nating gawin.

ISULAT, PUNITIN, SUNUGIN

HAKBANG 1: ISULAT

Sa isang pahina ng papel ay isulat ang lahat ng mga kabiguan at sakit ng kalooban na dinanas mo sa iyong mga magulang. Isulat ang lahat ng maalaala mo, lalo na yaong mga bagay na nagpapatugong sa puso mo sa loob ng matagal ng panahon.

HAKBANG 2: PUNITIN

Pagkatapos na maisulat mo ang lahat, itaas mo sa Diyos ang iyong papel at manalangin ng ganito:

“Ama naming Diyos, ito ang mga bagay na lubhang nakasakit sa aking kalooban. Yamang ako’y pinatawad mo na, at yamang ako’y pinag-uutusan mong magpatawad din tulad ng pagpapatawad mo sa akin, ngayon din ay pinatatawad ko na ang aking mga magulang sa lahat ng ginawa nilang pagsakit sa akin, at kalilimutan ko na rin ang mga bagay na ito na aking kinimkim laban sa kanila sa loob ng matagal na panahon. Idinadalangin ko po na patawarin mo sila. Sa pangalan ni Jesus na nagbuhos ng kanyang dugo alang-alang sa aming kapatawaran. Amen.”

Pagkatapos ng iyong dalangin, punitin ang iyong papel sa maliliit na piraso.

HAKBANG 3: SUNUGIN

Ilagay ang mga pira-pirasong papel sa isang bunton at sunugin ito sa isang lugar na hindi kakalat ang apoy.

PAGTATAPOS

12. Balikan natn ang hulihan ng aralin tungkol sa magulang, Bahagi 1. Balik-aralan natin ang unang aralin patungkol sa MGA AKSIYON NA DAPAT ISAGAWA upang parangalan ang ating mga magulang.

TALATANG SASAULUHIN

13. Patuloy na sauluhin ang EFESO 6:1-3:

EFESO 6:1-3 – Mga anak, sundin ninyo ang inong mga magulang sa Panginon, sapagkat ito’y matuwid. Igalang mo ang iyong ama at ina – ito ang unang utos na may pangako, upang maging mabuti ang inyong kalagayan at ikaw ay mabuhay nang matagal sa ibabaw ng lupa. – EFESO 6:1-3

ARALIN 5: MGA KAIBIGAN

PASIMULA

1. Ang lahat, lalo na mga kabataan, ay kailangan ang kaibigan. Bilang Kristiyano, na nakatalagang paghariin sa iyong buhay si CRISTO HIGIT SA LAHAT – CHRISTOS

UPSISTOS – ang iyong relasyon sa mga kaibigan ang isa pang mahalagang bahagi ng buhay kung saan dapat mong ipamuhay ang prinsipyong CHI UPSILON.

(Ipakita ang diyagrama ng CHI UPSILON.)

2. Ang pangangailangang magkaroon ng kaibigan ay may malalim na kaugnayan sa tatlong bagay na hinahanap ng mga kabataan.

- (1) PAGKILALA – Ang mga kabataan ay nagtatanong, “Sino ba ako?”
- (2) KALIGTASAN – Ang mga kabataan ay nagtatanong, “Sino ang mag-iingat sa akin?”
- (3) PAPURI – Ang mga kabataan ay nagtatanong, “Sino ang pumupuri sa akin?”

3. Ang mga kaibigan ay parang nagpupuno sa mga pangangailangang ito.

- (1) Ang mga kabataan ay nag-aakala na nagiging sikat sila kung kabilang sila sa isang grupo ng mga kaibigan.
- (2) Ang mga kabataan ay nag-aakala na ang kanilang mga kaibigan ay magsasanggalang sa kanila laban sa mga “kaaway”.
- (3) Ang mga kabataan ay nag-aakala na sila’y tinatanggap at pinupuri ng kanilang mga kaibigan, bagamat madalas na gumagawa sila ng kalokohan upang pansinin sila ng kanilang mga kaibigan.

PAGPAPALA O SUMPA?

4. Ipinapakita sa Biblia na ang kaibigan ay maaaring maging pagpapala o sumpa. Maingat nating pag-aralan ang sumusunod na talata; sa unahan ng bawat talata ay bilugan ang letrang P kung ang kaibigan ay pagpapala; o bilugan ang letrang S kung ang kaibigan ay sumpa; o bilugan pareho ang P(agpapala) at S(umpa) kung ang talata ay nagsasabing pagpapala at sumpa ang kaibigan.

P S Ecclesiastes 4:9-10

P S Kawikaan 13:20

P S Kawikaan 27:17

P S Juan 5:44; 12:43

P S 1 Corinto 15:33

MALING KAIBIGAN

5. Sa Awit 1:1-2, ang Biblia ay nagbibigay ng babala tungkol sa maling mga kaibigan. Ang maling kaibigan ay nahahati sa tatlong uri.

(1) ANG MASAMA

Ang mga taong ito ay yaong mga lumalabag o pumipilipit sa mga utos ng Diyos. Huwag nating hanapin o pakinggan ang mga palagay at payo ng mga masama. Hindi natin dapat tanungin, “Ano ang sasabihin ng ibang tao?” Kundi, dapat nating tanungin, “Ano ang sasabihin ng Diyos?” Kapag nalaman na natin kung ano ang sinasabi ng Diyos sa kanyang Salita, gawin na natin ito, kahit ano pa man ang sabihin ng ibang tao.

(2) ANG MAKASALANAN

Ang makasalanan ay yaong taong sumasala sa sukatan, yaong hindi umaabot sa pamantayan ng Diyos, ang taong sumusunod sa prinsipyong “puwede na rin”. Hindi tayo dapat kumaibigan sa mga taong ayaw adhikain na maabot ang pinakamataas na layunin ng Diyos para sa kanila. Dapat nating pagsumikapang lagi na matamo ang sukdulang plano ng Diyos (Filipos 3:14).

(3) ANG MANUNUYA

Ang manunuya ay yaong taong laging ginagawang biro ang lahat; ito’y taong tinatawanan ang mga taong masigasig sa pagsunod sa Diyos. May mga panahon para sa katuwaan, pero dapat tayo ay maging seryo patungkol sa mahahalagang bagay (Efeso 5:15-18).

TATLONG UGALI

6. Ipinapakita ng Biblia sa atin ang tatlong ugali ng tunay na kaibigan. Basahin natin ang Efeso 4:15-16: *Kundi humahawak sa katotohanan na may pag-ibig, lumago tayong lahat sa kanya, na siyang ulo, samakatuwid ay si Cristo, na sa kanya ang buong katawan na nakalapat na mabuti at nagkakaisa sa pamamagitan ng bawat litid, ayon sa paggawa sa sukat ng bawat bahagi ay nagpapalaki sa katawan tungo sa ikatitibay ng sarili sa pagibig.*

7. Ang tatlong ugali ng tunay na kaibigan ay katotohanan, pag-ibig, at paglago.

(1) Una, KATOTOHANAN ang dapat mag-udyok sa lahat ng ating sinasabi at ginagawa bilang magkakaibigan.

(2) Pangalawa, dapat laging may PAG-IBIG. Ang salita, kahit totoo kung walang pag-ibig, ay nakakasakit at sumisira ng pagkakaibigan. Ngunit ang pag-ibig na walang katotohanan ay pambobola lang at pagbubulaan. Yaon lamang salitang may katotohanan at may pag-ibig ang tunay na nakakatulong.

(3) Pangatlo, dapat mayroong PAGLAGO. Ang paglago ay nakasalalay sa pagkakaisa patungo sa iisang layunin, ang layunin na maging katulad ni Cristo, na maabot natin ang lahat ng gusto ng Diyos na abutin natin.

LARAWAN MULA SA KULTURA

8. Magbigay tayo ng paglalarawan tungkol sa tatlong ugaling ito, kung paano naisasagawa ang mga ito sa kulturang Pilipino.

9. Ang pagkakaibigan ng mga Pilipino ay nakasalalay sa ugaling “pakikisama” at sa pag-iwas ng “hiya”. Hangga’t maari ang Pilipino ay magpapaunlak para lang magkaroon ng mabuting pakikisama sa kaibigan. Gayundin, sisikapin ng Pilipino na maiwasang ilagay ang ibang tao sa kahihyan, kasi ayaw din niyang siya mismo ay mapapahiya din. Dahil sa dalawang ugali ng “pakikisama” at “hiya” masasabi nating ang pagkakaibigan ng Pilipino ay mapagmahal.

10. Sa sobrang pagmamahal natin sa mga kaibigan, ayaw nating sabihin ng tuwiran sa kanila ang katotohanan kung sa akala natin ay masasaktan sila o kaya’y mapapahiya sila. Sisikapin natin ang lahat upang magsalita lamang ng mga bagay na alam nating gustong mapakinggan ng ating kaibigan. At kung magsabi man tayo ng katotohanan ito ay dinadagdagan natin ng mga palabok upang huwag masaktan ang damdarn ng ating kaibigan; o dili kaya’y nagsasabi na lang tayo ng kabulaanan. Ang kabulaanang masarap pakinggan ay mas mahalaga sa Pilipino kaysa masakit na katotohanan.

11. Ang isa pang malakas na impluwensiya sa pagkakaibigan ng Pilipino ay ang “pagpapantay”. Ang pagpapantay ay tumutukoy sa pag-alis o di-pagpansin sa mga bagay na nagpapakita na ang isang tao ay nakalalamang sa iba sa kalagayan nila sa pera, sa katatayuan sa lipunan, sa pinag-aralan, atbp. Sa mga Pilipino, itinuturing na kayabangan kung nangingibabaw ka sa iba o naiiba ka.. Kung kumilos kang naiiba sa iyong mga kaibigan, parang sinasabi mo sa kanila na mas mabuti ka kaysa kanila. Dahil dito sinisikap nating kumilos na parang pantay-pantay lamang tayong lahat.

12. Pero ang pagpapantay ay nagsisilbing hadlang sa ating pagsulong o paglago sa lalong mabuting kalagayan. Ang pagpapantay ay nagbubunga ng kaisipang puwede-na-rin, at ng matamlay na pagsuporta sa mga layunin ng grupo. Ang pagpapantay ay nag-uudyok sa atin na tularan ang mababang kaisipan ng karamihan, sa halip ng pagsumikapang marating ang pinakamataas na layunin ni Cristo ukol sa ating pagiging ganap.

PAGTATAPOS

13. Suriin mo kung anong uri ng mga kaibigan mayroon ka. Dalawang tanong ang sagutin mo tungkol sa bawat kaibigan:

- NAKAKATULONG BA SA AKIN ANG KAIBIGANG ITO UPANG AKO’Y LALONG MAPALAPIT SA DIYOS?
- NAKAKATULONG BA AKO SA KAIBIGANG ITO UPANG SIYA’Y LALONG MAPALAPIT SA DIYOS?

14. Kung ang sagot mo ay hindi, kailangan mong matutuhan kung paano magkaroon ng tunay na Kristiyanong kaibigan. Paano?

15. Sundin natin ang tatlong praktikal na hakbang.

- HAKBANG 1: PAGYAMANIN ANG IYONG RELASYON KAY CRISTO BILANG PINAKAMATALIK MONG KAIBIGAN.

Basahin natin ang Juan 15:5, 14-15. Habang nananatili kay kay Cristo at inilalapat mo ang kanyang salita sa iyong buhay, pinalalago mo ang iyong panloob na pag-uugali. Gamitin natin ang ilustrasyon ng isang sako. Paano mo mapapatayo ang isang sako? Punuin mo ito ang laman, tulad ng bigas. Ang sakong puno ng bigas ay tatayo. Ang sakong walang laman ay babagsak.

Maraming mga kabataan ngayon ang bumabagsak at napapahila sa impluwensiya ng kanilang mga kaibigan, kasi ang tulad nila'y mga sakong walang laman, walang taglay na paninindigan sa loob. Subalit ang isang kabataang lumalago sa kanyang pagkakilala kay Cristo ay sumusulong sa kanyang pagsunod sa mga pag-uugali ni Cristo, ang kabataang iyan ay magkakaroon ng lakas upang labanan ang negatibong impluwensiya ng mga masasamang kaibigan.

- **HAKBANG 2: PALAKASIN ANG IYONG RELASYON SA IBANG MGA KAIBIGAN NI CRISTO.**

Ang ibang mga kaibigan ni Cristo ay ang mga Kristiyanong alagad, na nagsusumikap na makasunod ng matapat kay Cristo. Basahin natin ang Juan 13:34-35. And pinakamalusog na lugar para sa tunay na pagkakaibigan ay sa loob ng samahan ng Katawan ni Cristo.

HAKBANG 3: PALAWAKIN ANG SAMAHAN NG CHI UPSILON.

Panatilihin ang malapit na pagsasama-sama at pagtutulungan ng mga gradwet ng Chi Upsilon. Palakasin ang loob ng isa't isa upang magpatuloy sa pagtupad ng pag-uugaling Chi Upsilon. Patuloy na mag-imbata sa ibang kabataan upang sila'y sumali rin sa pag-aaral ng Chi Upsilon. Ito ang isang mabisang paraan upang matulungan ang iyong mga kaibigan na maging malapit sa Diyos.

SAULUHIN ANG TALATA

16. Isulat sa isang tarheta at isaulo ang talatang ito:

AWIT 1:1 – Mapalad ang taong hindi lumalakad sa payo ng masasama, ni tumatayo man sa daan ng mga makasalanang, ni umuupo man sa upuan ng mga manunuya. – AWIT 1:1

ARALIN 6: TANGING KAIBIGAN

PASIMULA

1. Lahat ng kabataan ay nangangailangan ng mga kaibigan.


2. Subalit darating ang panahon na magigising ang isang kabataang lalaki sa pagnanais na magkaroon ng babaeng TANGING KAIBIGAN, gayundin ang isang kabataang babae ay magnanais na magkaroon ng lalaking tanging kaibigan. Tinatawag natin ito sa English na “fall in love”; sa Tagalog, “pumasok sa puso ang pag-ibig”. Natural ang karanasang ito. Gayunpaman, may wastong paraan at may maling paraan kung paano ipapahayag ng kabataan ang damdaming ito ng pag-ibig.

3. Para sa isang kabataan na ibig paghariin si CRISTO HIGIT SA LAHAT – CHRISTOS UPSISTOS – ang wastong paraan ay ang Paraang Chi Upsilon, kung paano taratuhin ang relasyon sa TANGING KAIBIGAN. (Ipakita ang diyagrama ng CHI UPSILON.)

MGA BAKOD NG PAG-IBIG AT SEKS

4. Ano ang Paraang Chi Upsilon?

5. Ang Paraang Chi Upsilon sa pagtrato ng relasyon sa iyong tanging kaibigan ay kumikilala at gumagalang sa APAT NA BAKOD ng pag-ibig at seks, gaya ng inilalarawan ng diyagrama sa ibaba.



BAKOD 1: DIYOS ANG NAGKALOOB NG PAG-IBIG AT SEKS.

a. Diyos ang Manlilikha, May-akda, at Tagapagbigay ng pag-ibig at seks. Ito ang unang katotohanang nagsisilbing unang bakod na dapat tanggapin ng lahat, maging mga kabataan at mga matatanda.

b. Wika ng Genesis 1:31, “Nakita ng Diyos ang lahat ng kanyang nilikha at ito ay napakabuti.” Lahat ng nilikha ng Diyos ay pawang mabuti; ang pag-ibig at seks ay bahagi ng nilikha ng Diyos. Kung gayon, ang pag-ibig at seks ay normal, maganda, at kanais-nais kung ito’y nasa tamang lugar at tamang panahon.

c. Lahat ng may buhay na nilikha (mga halaman, mga puno, mga hayop, mga tao) ay sumusunod sa natural na pagtubo nila, mula sa binhi patungo sa pamumunga. Para sa mga tao, may panahon ng pagsilang, sunod ay ang paglaki mula sa pagkabata tungo sa pagbibinata o pagdadalaga (mga taon ng tinedyer). Ang panahon ng tinedyer ay natutulad sa panahon ng pamumulaklak; ito ang panahon ng pagsibol ng pag-ibig at paggising ng pagnanais sa seks. Susunod ay ang pagdating sa hustong gulang na panahon din ng pag-aasawa; ito ang panahon ng pamumunga.

d. Ang pag-ibig at seks ay mga natatanging kaloob ng Diyos. Ang katotohanang ito ang nagsisilbing unang bakod.

BAKOD 2. DIYOS ANG TUTUGON SA PANGANGAILANGAN KO SA PAG-IBIG AT SEKS

a. Ito ang pangalawang bakod: Yamang ang Diyos ang siyang lumikha sa tao na may pangangailangan sa pag-ibig at seks, Diyos din ang tutugon sa pangangailangang ito.

b. Muli ay balikan natin ang pasimula. Mula sa Biblia ay basahin natin ang Genesis 2:18-25.

c. Tingnan natin ang sumusunod na talata:

Talata 18: Walang kaalam-alam si Adan na mayroon siyang pangangailangan para sa isang natatanging katuwang, pero batid na ito ng Diyos. Paano nalaman ng Diyos ito? Kasi nilikha ng Diyos si Adan, at Diyos ang naglagay sa loob ni Adan ng pangangailangan para sa pag-ibig at seks.

Noong una, walang kaisip-isip si Adan tungkol sa pangangailangang ito, kung kaya't hindi niya alam kung paano hahanapin ang tugon sa pangangailangang ito. Pero sino ang umako ng responsibilidad para tugunin ang pangangailangan ni Adan? And Diyos mismo! Nilikha ng Diyos si Eva at ibinigay siya kay Adan bilang tanging katuwang sa tamang panahon.

Mga kabataan, pakatatandaan ito: Batid ng Diyos ang inyong pangangailangan para sa tanging kaibigan, para sa tanging katuwang sa buhay. At Diyos mismo ang magbibigay ng tugon sa inyong pangangailangan para sa pag-ibig at seks.

Talata 21. Ano ang ginawa ng Diyos kay Adan bago siya binigyan ng katuwang sa buhay? Pinatulong ng Diyos si Adan; at habang siya'y natutulog, nilikha ng Diyos si Eva.

d. Ito'y napakahalagang prinsipyo: **BAGO KA BIGYAN NG DIYOS NG IYONG TANGING KAIBIGAN AT TANGING KATUWANG**, dapat 'MATULOG' ka muna tungkol sa bagay na ito. Sa ibang salita, huwag kang mabahala tungkol sa paghahanap ng tanging kaibigan; ilagay ang

bagay na ito sa kamay ng Diyos. Manalangin ka tungkol dito, at humingi ka sa Diyos ng tulong at patnubay, at hintayin ang tamang panahon ng Diyos. At habang ikaw ay “tulog”, ihahanda ng Diyos ang iyong tanging kaibigan. At kapag handa ka na, at handa na rin ang iyong tanging kaibigan, “gigisingin” ka ng Diyos sa iyong “pagkakatulog” at pagtatagpuin kayong dalawa ng Diyos.

e. Samantala, ano ang gagawin mo habang ikaw ay “NATUTULOG”? Ihanda ang iyong sarili. Ang ibig sabihin, tapusin mo ang iyong pag-aaral; pagkatapos ay magkaroon ka ng trabaho; ipundar mo ang iyong kabuhayan; mag-ipon ng pera; at kapag handa ka na, ipapakita sa iyo ng Diyos yaong magiging tanging katuwang mo sa buhay.

f. Ito ang pangalawang bakod: **MAGTIWALA SA DIYOS NA SIYA MISMO ANG TUTUGON SA IYONG PANGANGAILANGAN SA PAG-IBIG AT SEKS.**

BAKOD 3. ANG SEKS AY PARA LANG SA MAG-ASAWA.

a. Ito ng pangatlong bakod: **ANG SEKS AY PARA LANG SA MAG-ASAWA.**

b. Ang ibig sabihin, ipinagbabawal ng Diyos ang seks labas sa relasyon ng mag-asawa. Ang isa sa Sampung Utos ay nagsasabi: **HAWAG KANG MANGANGALUNYA (Exodo 20:14).**

c. Ang ibig sabihin, ang seks ay para lang sa mag-asawa.

d. Sa ating panahon, maraming tao ang hindi na sumusunod sa Sampung Utos, lalo na sa utos na ito laban sa pangangalunya. Ang mga aktor at aktres at mga tanyag na tao ay binabale-wala ang utos na ito. Ang mga hindi kasal ay nag-li-live-in, nagsasama parang mag-asawa kahit hindi kasal. Sabi nila, ayos lang ito basta kayo’y nagmamahalan.

e. Subalit maliwanag ang utos ng Diyos: **HUWAG KANG MANGALUNYA.** Sa katunayan, nagkakasala ka ng pangangalunya kahit hindi mo ginagawa ang pisikal na gawa. Basahin ang Mateo 5:27-30. Sa talatang ito, sinabi ng Panginoong Jesus na ang pag-iisip lamang ng malalasang kaisipan patungkol sa ibang tao ay itinuturing ng paggawa ng pangangalunya.

f. Ang ibig sabihin nito ay dapat mong bantayan ang iyong pag-iisip. Paano mo babantayan ito? Sa pamamagitan ng pagsaulo ng Salita ng Diyos at pagbubulay dito. Kapag kumatok ang mga masasamang isip sa iyong ulo, dagliang isipin at bulay-bulayin ang mga talatang saulado mo. Ito ang pinakamabisang paraan upang mapangalagaan ang iyong kaisipan. Basahin natin ang Awit 119:9-11.

g. Dapat ding mag-ingat ka sa mga binabasa mong libro at magasin, at mga sine at video at mga awit na iyong pinapanood at pinapakinggan.

h. Mga kabataan, kung ibig ninyong ilagay si CRISTO HIGIT SA LAHAT –CHRISTOS UPSISTOS – kailangang itayo ninyo ang BAKOD 3: ANG SEKS AY PARA LAMANG SA MAG-ASAWA.

i. Dapat kayong gumawa ng matatag na pasiya na pananatilihin ninyong malinis ang inyong pag-iisip. Magpasiya din kayong maghintay hanggang sa ipakita sa inyo ng Diyos, sa kanyang takdang panahon at takdang paraan, ang kanyang kalooban tungkol sa inyong magiging tanging kaibigan.


BAKOD 4: PANGANGALAGAAN KO ANG SUKATAN NG DIYOS TUNGKOL SA KABANALAN: MAY-ASAWA MAN AKO O WALA.

a. At sa wakas, dapat nating malaman at igalang ang BAKOD 4. Ang ibig sabihin nito ay may tanging plano ang Diyos para sa iyo. Para sa nakararami, ang plano ng Diyos ay magkaroon sila ng asawa. Pero para sa ilang mga tao, maaaring ang plano ng Diyos para sa kanila ay manatili silang binata o dalaga habangbuhay. Basahin natin ang Mateo 19:11-12. Sa mga talatang ito, ipinahayag ng Panginoong Jesus na kalooban ng Diyos para sa ilang tao na sila’y manatiling mga “eunuko” (walang asawa) habangbuhay.

b. Gayunpaman, kahit na ang plano ng Diyos para sa iyo ay magkaroon ng asawa o manatiling binata/dalaga habangbuhay, dapat kang magkaroon ng matatag na pasiya na susundin mo ang sukatan ng Diyos tungkol sa kabanalan sa isip at sa katawan at sa lahat mong relasyon.

MGA HAKBANG TUNGO SA RELASYON SA TANGING KAIBIGAN

6. Paano kung gayon dapat magkaroon ang Kristiyanong kabataan ng relasyon sa tanging kaibigan? Ang paraan ng Chi Upsilon ay sumusunod sa paakyat na mga hakbang sa loob ng trianggulo (inilalarawan sa itaas) at inihahalintulad sa pagtubo at paglago ng isang punong kahoy.



HAKBANG 1: BUTO AT UGAT

- a. Una, dapat itanim muna ang buto at hayaan itong magkaroon ng malalakas na ugat.

Dapat gumawa ka ng matatag na PASIYA tulad ng napapaloob sa mga salitang ito:

“Panginon, naniniwala po ako na naghahanda ka ng TANGING KAIBIGAN para sa akin. Itinatalaga ko po ang aking sarili na alamin ang iyong kalooban at sundin ang mga bakod na inilagay mo sa bahaging ito ng aking buhay.”

HAKBANG 2: PUNO, MGA SANGA, MGA DAHON

Bago ka magkaroon ng relasyon sa tanging kaibigan, dapat munang ikaw ay sumulong tungo sa hustong gulang sa katawan, sa isip, sa damdamin, sa pakikitungo sa tao, sa iyong trabaho, at sa buhay espirituwal.

- a. Sa katawan – Dapat mong pangalagaan ang iyong pisikal na kalusugan.
- b. Sa isip – Magpatuloy ka sa iyong pag-aaral.
- c. Sa damdamin at sa pakikitungo sa tao – Dapat matuto kang magkaroon ng mga kaibigan sa loob ng pamilyang Kristiyano sa loob ng simbahan. Gamitin ang mga prinsipyong natutuhan sa aralin tungkol sa MGA KAIBIGAN.
- d. Sa espirituwal na buhay – Dapat kang sumulong sa iyong buhay bilang alagad ni Cristo tungo sa pagiging ganap na Kristiyano.

HAKBANG 3: BULAKLAK AT BUNGA

- a. Ang baitang na ito sa relasyon ng TANGING KAIBIGAN ay panahon ng paghahanda para sa pag-aasawa.
- b. Natural lamang sa mga kabataan na sila’y umibig. Pagdating ng tamang panahon, iminumungkahi namin ang sumusunod na aksiyon:

AKSIYON 1: MANALANGIN KANG MAG-ISA

Kapag nakaramdam ka ng pag-ibig, HUWAG mong ipahayag agad ang iyong damdamin sa taong naibigan mo. Manalangin ka tungkol dito sa loob ng kahit anim na buwan. Sa loob ng panahong ito, humingi ka ng payo mula sa iyong espirituwal na lider (pastor o tagapayo). Samantala, manatili kang isang mabuting kaibigan, alinsunod sa HAKBANG 2, bahaging (3) sa itaas.

AKSIYON 2: MANALANGIN KAYONG MAGKASAMA

PARA SA BINATA: Pagkatapos na naidalangin mo nang sapat ang tungkol sa iyong damdamin at pagkatapos na pumayag na ang iyong lider na magtapat ka na, maaari mo nang kausapin ang dalagang napupusuan at sabihin sa kanya ang tungkol sa iyong pag-ibig; tanungin siya kung papayag ba siyang manalangin kasama mo tungkol sa kalooban ng Diyos na kayo’y maging tanging kaibigan sa isa’t isa. Anuman ang kanyang sagot, igalang mo ito. Kahit na sabihin niyang hindi, kung natitiyak mo sa loob mo na siya ang pinili ng Diyos para sa iyo, magpatuloy ka pa rin ng pagdalangin para sa kanya.

PARA SA DALAGA: Kung kakausapin ka ng isang binata at hihilingin sa iyo kung papayag kang manalangin kung kalooban ng Diyos na kayo’y maging tanging kaibigan, maaring ang sagot mo’y isa sa sumusunod: (a) Ikinalulungkot ko, pero wala akong nararamdamang pag-ibig sa iyo; (b) Hindi pa ako handa para pag-isipan ang iyong kahilingan; maghintay ka pa at kausapin mo uli ako pagkaraan ng ilang buwan; (c) Oo, handa akong manalangin para sa bagay na ito.

PARA SA BINATA’T DALAGA: Kung nagkasundo kayong idalangin ninyong dalawa ang bagay na ito, patuloy lang ninyong palaguin ang inyong pagiging magkaibigan bilang mga Kristiyano sa loob ng kapulungang Kristiyano (lalo na sa samahan ng Chi Upsilon). HUWAG muna kayong magkaroon ng eksklusibong relasyon sa isa’t isa; patuloy na pagyamanin ang iyong normal na pagkakaibigan sa iba. Patuloy na lumago sa inyong pananampalataya sa tulong ng sarili ninyong cell group o grupo sa pag-aaral ng Biblia.

AKSIYON 3: A-C-T

Pagkatapos na idinalangin ninyo ang bagay na ito sa loob ng ilang buwan (Aksiyon 2), at pagkatapos na tanggapin ang payo ng inyong mga lider, at natitiyak na ninyo na kalooban nga ng Panginoon na ito’y kalooban ng Diyos, puwede na kayong magkaroon ng kasunduan upang kayo’y maging TANGING MAGKAIBIGAN.

Bilang tanging magkaibigan, iwasan ang mga panganib na ito: IWASAN ang masyadong paglapit na pisikal (tulad ng pagyapos, paghalik); ang paghawak sa kamay ay puwede. Pero huwag na huwag ninyong ilalagay ang inyong sarili na kayo’y malayo sa paningin ng ibang tao. Laging panatilihin ang kabanalan ng inyong relasyon.

Ang pangunahing layunin ninyo bilang tanging magkaibigan ay ang makilala ang isa’t isa sa inyong pagkatao pero wala munang pisikal na pagtatalik. Sundin ang salita sa English na A-C-T:

(1) ACCEPTANCE - PAGTANGGAP

Habang higit na nakikilala ninyo ang isa’t isa sa iba’t ibang pangyayari, sa inyong pakikitungo sa inyong dalawa mismo at gayundin sa ibang tao, matutuklasan ninyo na kayo’y parehong may mga kanais-nais at mga hindi kanais-nais na ugali, pareho kayong may kalakasan at kahinaan, mga abilidad at kakulangan ng abilidad. Pag-aralan ninyong tanggapin ang isa’t isa na walang pasubali. Tanggapin ninyo na kayo’y may mga bagay sa inyong personalidad na puwedeng baguhin at mga bagay na hindi puwedeng baguhin. Ang inyong damdamin sa isa’t isa ay dapat sumasang-ayon sa dalanging ito na sinulat ng isang Kristiyano: “Panginoon, bigyan kami ng lakas ng loob upang baguhin ang mga bagay na puwedeng baguhin; bigyan kami ng kaluwagang-loob na tanggapin ang mga bagay na di-kayang baguhin; at bigyan kami ng karunungan upang makilala namin kung alin ang puwedeng baguhin at kung alin ang hindi.”

(2) COMMUNICATION – PAG-UUSAP

Sa panahon ng pagiging tanging magkaibigan, dapat ninyong matutuhan kung paano mangusap sa isa’t isa na may pag-ibig. Natatandaan ba ninyo ang ating pag-aaral tungkol sa MGA KAIBIGAN tungkol sa Efeso 4:15, na dapat magsalita ng totoo kalakip ng pag-ibig?? Tayo’y nangungusap sa pamamagitan ng salita at gawa (galaw ng katawan); sa pamamagitan ng mga salitang binibigkas, at mga salitang ayaw nating bigkasin. May ugali ang Pilipino na di-kanais-nais, na sinasabi lang natin ang mga bagay na sa palagay natin ay gustong pakinggan ng ating kausap; kung kailangan tayo’y nagbubulaan huwag lang masaktan ang kalooban ng ating kaibigan, kasi masakit pakinggan ang katotohanan.

Upang lumago ang inyong relasyon bilang tanging magkaibigan, sikaping lagi na magsasabi ng totoo, bagama’t sinisikap na laging magsalita sa paraang may pag-ibig at magsalita sa tamang

panahon lang. Dapat magsasabi kayong lagi ng tapat sa isa't isa tungkol sa kung ano talaga ang inyong nasa isip at nasa loob.

(3) TEAMWORK - PAGTUTULUNGAN

Lalago kayo bilang tunay na tanging magkaibigan habang nagtutulungan kayo sa paglilingkod sa iba . Huwag ninyong ubusin ang inyong panahon sa pag-uusap tungkol sa inyong sarili lamang at sa pagbubulungan sa isa't isa ng matatamis na salita. Magtulungan kayo upang magsagawa ng mga bagay na magpapaunlad sa inyong pag-uugali at sa inyong buhay espirituwal. Magtulungan kayo sa paglilingkod sa Panginoon sa pamamagitan ng pagtulong sa ibang tao.

KATUWANG SA BUHAY

7. Paglipas ng sapat na panahon bilang tanging magkaibigan, darating ang araw na handa na kayong magpakasal. Ang panahong ito ay karaniwang dumarating pag tapos na ang inyong pag-aaral at may maayos na kayong trabaho o hanapbuhay. Pagkatapos ninyong hingin ang payo ng inyong pamilya at mga espirituwal na lider, puwede na kayong magplano tungkol sa inyong kasal. At sa araw ng inyong kasal, ang TANGING KAIBIGAN ay magiging KATUWANG SA BUHAY. Diyan ninyo sisimulan ang panahon ng PAMUMUNGA – ang panahon upang maghanda para sa pagkakaroon ng inyong sariling pamilya.

HAMON

8. Handa ka bang paghariin si CRISTO HIGIT SA LAHAT – CHRISTOS UPSISTOS – sa bahaging ito ng TANGING KAIBIGAN? Handa ka na bang italaga ang iyong sarili upang hanapin at sundin ang kalooban ng Diyos sa bagay na ito? Handa ka bang taos-pusong manalangin ng tulad nito?

“Panginoon, naniniwala po ako na Ikaw ay naghahanda para sa akin ng TANGING KAIBIGAN. Itinatalaga ko na po ang aking sarili upang hanapin at sundin ang iyong kalooban at igalang ang mga inilagay Mong bakod sa bahaging ito ng aking buhay.”

Pirma: _____ Petsa: _____

TALATANG SASAULUHIN:

9. Isulat sa isang tarheta at sauluhin ang talata:

AWIT NG MGA AWIT 8:7 – Hindi kayang patayin ng maraming tubig ang pag-ibig, ni malulunod man ito ng mga baha. Kung ihandog ng isang lalaki dahil sa pag-ibig ang

lahat ng kayamanan sa kanyang buhay, iyon ay kukutyaing lubusan. – AWIT NG MGA AWIT 8:7

ARALIN 7:

**ARAL NG BIBLIA
PATUNGKOL SA RELASYON NG LALAKI AT BABAE**

Ang isyu patungkol sa matrimonyo ng lalaki sa lalaki o babae sa babae ay nabigyang-diin sa pamamagitan ng pahayag ng yumaong Papa Francis, na nalahathala sa dokumentaryo ng kanyang buhay. Ayon sa magasin USA Today (October, 2020):

“Homosexual people have the right to be in a family. They are children of God,” Francis said in an interview for the documentary "Francesco." “What we have to have is a civil union law; that way they are legally covered.”

Sa Tagalog: “Ang mga taong homosexual ay may karapatang magkapamilya. Sila’y mga anak ng Diyos,” ayon sa panayam sa dokumentaryo “Francesco.” “Kailangan natin ang civil union law (batas ng pagsasamang sibil); sa ganyang paraan sila ay may katatayang legal.”

Ang pahayag na ito’y parang kinontra si Papa Francis ang matandang paninindigan ng simbahang Romano Catolico patungkol sa homosexualidad.

Kahit ano pa man ang turo ng mga di-umano’y mga simbahang Kristiyano (Romano, Orthodox, Protestante, Ebangheliko), patungkol sa homosexualidad o mga gawain at relasyon ng mga homosexual, ang aral ng Biblia, na siyang Salita ng Diyos, ay maliwanag.

Levitico 18:22: Huwag kang sisiping sa lalaki na gaya ng pagsiping mo sa babae: ito ay karumaldumal.

Levitico 20:13: Kapag ang isang lalaki ay sumiping sa kapwa lalaki, na gaya ng pagsiping sa babae, sila ay kapwa nakagawa ng bagay na karumaldumal, tiyak na sila'y papatayin, ang kanilang dugo ay nasa kanila.

Deuteronomio 22:5: “Ang babae ay huwag mananamit ng nauukol sa lalaki, ni ang lalaki ay magsusuot ng damit ng babae; sapagkat sinumang gumagawa ng mga bagay na ito ay karumaldumal sa PANGINOON mong Diyos.

1 Corinto 6:9,10: ⁹Hindi ba ninyo nalalaman na ang mga masasamang tao ay hindi magmamana ng kaharian ng Diyos? Huwag kayong padaya! Ang mga mapakiapid, mga sumasamba sa diyus-diyosan, mga mangangalunya, mga binabae, mga nakikiapid sa kapwa lalaki, ¹⁰ mga

magnanakaw, masasakim, mga maglalasing, mga mapagmura, o ang mga manggagantso ay hindi magmamana ng kaharian ng Diyos.

Roma 1:26,27: ²⁶ Dahil dito'y hinayaan sila ng Diyos sa mga mahahalay na pagnanasa.

Ipinagpalit ng kanilang mga babae ang likas na pakikipagtalik sa di-likas.

²⁷ At gayundin naman ang mga lalaki, nang iwan ang likas na pakikipagtalik sa mga babae, ay nag-alab sa kanilang pagnanasa sa isa't isa. Gumagawa ng kahalayan ang mga lalaki sa mga kapwa lalaki, at tumatanggap sa kanilang sarili ng kaparusahan ng kanilang pagkakamali.

BATAS NG DIYOS, MABAGSIK

Sa bagay na ito, ang lumang kasabihan sa Latin ay totoo: DURA LEX, SED LEX.

Mabagsik ang batas ng Diyos, subali't ito'y batas ng Diyos.

Ang Diyos, na Siyang Manlilikha, ay nagtakda ng mga batas para sa buong sangnilikha (para sa mga tao at para sa mga bagay-bagay).

Halimbawa, sa daigdig ng mga bagay, ang batas ng gravity ay mabagsik at walang patawad. Sa daigdig ng relasyon ng mga tao, ang batas ng Diyos ay katulad ding mabagsik at walang patawad.

Subalit ang mga batas na ito'y itinakda ng Diyos para sa kaayusan ng buhay at pagsasamahan. Lahat ng paglabag ay tatanggap ng kaukulang parusa.

Una, sa pamamagitan ng prinsipyong natural, "Kung anong itinanim, siyang aanihin." Bawa't kasalanan ay nagtataglay sa loob nito ng binhi ng sariling pagkabulok.

Pangalawa, ayon sa prinsipyong moral ng Diyos, hahatulan at parurusahan ng Diyos ang lahat ng kasalanan sa takdang panahon.

Mabagsik ang batas ng Diyos.

Subalit, salamat sa Diyos, ibinigay niya ang Mabuting Balita ng Ebanghelyo! Sa pamamagitan ng Panginoong Cristo Jesus, ipagkakaloob ng Diyos ang kapatawaran at bagong buhay at bagong pasimula sa lahat ng tumanggap kay Cristo bilang kanilang Tagapagligtas at sa lahat ng magpapasakop kay Cristo bilang kanilang Panginoon.

IGAWAD NATIN ANG ATING PAG-IBIG

Kapag ipinahahayag natin ang batas ng Diyos, hindi ito ibig sabihin na hindi natin igagawad ang ating pag-ibig at pang-unawa sa mga taong tunay na nakikipagbuno sa problema ng homosexualidad sa iba't ibang anyo nito.

Dapat liwanagin natin ang sumusunod na bagay:

- Ang sexualidad marahil ay ito ang isa sa pinakamalakas na udyok sa tao. Sabay sa pagkagutom sa pagkain, ang udyok na magkaroon ng relasyon ng sex ay nagsisilbing prinsipyo para dumami at magpatuloy ang lahi ng sangkatauhan.
- Ang normal na udyok ng sex ay sa pagitan ng lalaki at babae. Pero, sa mga kadahilanang di natin lubos na matarok, may mga tao na nagnanais magkaroon ng relasyon sa kapwa lalaki o sa kapwa babae.
- Pero hindi porke't nakaramdam ka ng udyok sa sex (lalaki sa babae, o sa kapwa lalaki o kapwa babae), hindi ibig sabihin na ito'y pahintulot (license) na pagbigyan mo ito. Dito papasok ang batas ng Diyos.
- Ang sex ay kaloob ng Dios. Ginawa ng Diyos ang tao (at pati mga hayop at mga halaman) upang magkaroon ng sex, para magpatuloy ang lahi. Ang mga hayop at halaman ay ginaganap ng kanilang sex ng automatiko (instinct).
- Sa kabilang dako, ang tao ay pinagkalooban ng Diyos ng mas mataas na isip, na sa pamamagitan ng nito ay kanilang magabayan ang wastong paggamit ng mga udyok na ibinigay sa kanila ng Diyos (udyok sa pagkain, udyok sa sex, atbp.)
- Maliwanag na nagtakda ang Diyos ng mga batas patungkol sa tamang gamit ng sex para sa tao.

(1) Ang sex ay para lang sa lalaki at babae.


(2) Ang sex ay para lamang sa lalaki at babae na kasal sa isa't isa.

(3) Ang sex ng mga homosexual/lesbian ay mahigpit na ipinagbabawal ng Diyos, at ito'y tiyak na hahatulan at parurusahan. Ang damdamin ng pagkagusto sa kapwa lalaki o kapwa babae ay hindi kasalanan. Ang ipinagbabawal ay ang aktuwal na pagtatalik sa sex ng kapwa lalaki o kapwa babae, maging sila'y magkasintahan lang o umano'y "kasal".

PERSPEKTIBO NG BIBLIA

Ang araling ito ay naglalayon na magbigay ng sagot mula sa Biblia sa paraang may pagmamahal at pang-unawa. Huwag lang basta sabihin, "Ito ang batas ng Biblia. Hayan basahin mo."

Sa halip, maaring sabihin, “Puwede bang basahin natin ang araling ito at tuklasin natin kung ano ang sagot ng Diyos mula sa Biblia?” Kapag pumayag ang kausap, magpatuloy kayo sa pagbasa ng aralin sa ibaba.



PUNDASYON

Una, ating itatag ang PUNDASYON ng buong sangnilikha. Pag-aralan natin ang larawan sa itaas.

A. PUNDASYON: NILIKHA NG DIYOS ANG LAHAT NG BAGAY AT LAHAT NG TAO (KASAMA AKO).

Nagtatayo ang Diyos ng isang bahay, sa ibabaw ng matatag ng pundasyon (pakingtingnaan ang larawan).

Basahin natin ang ilang pangunahing mga kasulatan:

Genesis 1:1: Nang pasimula, nilikha ng Diyos ang langit^[a] at ang lupa.

Genesis 1:27: Kaya't nilalang ng Diyos ang tao ayon sa kanyang sariling larawan, ayon sa larawan ng Diyos siya nilalang. Sila'y kanyang nilalang na lalaki at babae.

Mateo 19:4: Ngunit siya'y sumagot at sinabi, “Hindi ba ninyo nabasa na ang lumikha sa kanila buhat sa pasimula ay nilikha silang lalaki at babae,.

Mula sa mga kasulatan sa itaas napatunayan natin, na ang pundasyon ng bahay na itinatag ng Diyos ay nakasalig sa katotohanang ito: TAYONG LAHAT AY NILIKHA NG DIYOS. Nilikha ng Diyos ang dalawang kasarian lamang, lalaki at babae. Ang hugis ng ating katawan ay lalaki o

babae, kahit na sa isip o damdamin natin na babae tayo na nakapreso sa katawang lalaki, o isip at damdamin natin na tayo ay lalaki na nakapreso sa katawang babae.

Pansining mabuti ang mga salitang ISIP o DAMDAMIN. Maraming beses na ang ISIP o DAMDAMIN natin ay hindi siyang tunay kalalagayan natin o kung sino at ano talaga tayo. Gayunpaman, mahalaga na igalang natin ang mga tao na nagsasabi na ganito o ganoon ang kanilang ISIP o DAMDAMIN.

SILID B. MAY-ASAWA: PLANO NG DIYOS PARA SA MARAMI.

Ang bahay na itinatag ng Diyos ay may dalawang silid: isang silid para sa may-asawa; ang kabilang silid ay para sa walang asawa.

Maliwanag ang turo ng Biblia na ang matrimonyo ay para lamang sa lalaki at babae na kasal sa isa't isa. Ito'y pinatutunayan ng sumusunod:

- **Paglikha** – Nilikha ng Diyos si Adan at Eba, hindi Adan at Juan; hindi Eva at Maria;
- **Desinyo** – Ang pagiging lalaki at babae ay nakabatay sa desinyo ng katawan;
- **Layunin** – Ang layunin ng Diyos para sa matrimonyo ay dalawa :

(1) Pagpapadami – Ang matrimonyo ay kailangan upang magpatuloy ang lahi;

(2) Pagkakaroon ng kabuuan – Para sa nakararaming lalaki at babae, ang matrimonyo ay nagdudulot ng kabuuan. Sa matrimonyo, ang asawang lalaki at asawang babae ay nagpupunuan ng kakulangan ng isa't isa, maging sa katawan, sa isipan, sa emosyon, sa espiritwal, at maging sa mga kakulangang materyal at pananalapi.

SILID C. WALANG ASAWA: PLANO NG DIYOS PARA SA ILAN.

Gayunpaman, sa plano ng Diyos ang pagkakaroon ng asawa ay hindi para sa lahat. Kung ito man ay tuwirang plano ng Diyos o ito'y Kanyang kapahintulutan lamang, alam natin na hindi lahat ng tao ay magkapag-aasawa.

Ibig sabihin, plano ng Diyos para sa ilan na sila'y manatili sa buhay na walang asawa. Basahin ang natin ang isang mahalagang kasulatan:

Mateo 19:4-12:

⁴ Ngunit siya'y sumagot at sinabi, “Hindi ba ninyo nabasa na ang lumikha sa kanila buhat sa pasimula ay nilikha silang lalaki at babae,

⁵ at kanyang sinabi, ‘Dahil dito, iiwan ng lalaki ang kanyang ama at ina at makikisama sa kanyang asawa, at ang dalawa ay magiging isang laman?’

⁶ Kaya, hindi na sila dalawa, kundi isang laman. Ang pinagsama nga ng Diyos, ay huwag papaghiwalayin ng tao.”

⁷ Sinabi nila sa kanya, ‘Kung gayon, bakit ipinag-utos ni Moises sa amin na magbigay ng kasulatan ng paghihiwalay at hiwalayan ang babae?’

⁸ Sinabi niya sa kanila, “Dahil sa katigasan ng inyong puso ay ipinahintulot sa inyo ni Moises na inyong hiwalayan ang inyong mga asawang babae; ngunit buhat sa pasimula ay hindi gayon.

⁹ At sinasabi ko sa inyo: sinumang ihiwalay ang kanyang asawang babae, maliban sa pakikiapid ang dahilan, at mag-asawa ng iba, ay nagkakasala ng pangangalunya.^[a] At ang mag-asawa sa babaing inihiwalay ay nagkakasala ng pangangalunya.”

¹⁰ Sinabi ng mga alagad sa kanya, “Kung gayon ang kalagayan ng lalaki sa kanyang asawa, mas mabuti pang huwag mag-asawa.”

¹¹ Ngunit sinabi niya sa kanila, “Hindi matatanggap ng lahat ang pananalitang ito, kundi iyon lamang pinagkalooban nito.

¹² Sapagkat may mga eunuko, na ipinanganak na gayon mula sa sinapupunan ng kanilang mga ina; at may mga eunuko na ginawang eunuko ng mga tao; at may mga eunuko na ginawang eunuko ang kanilang mga sarili alang-alang sa kaharian ng langit. Ang makakatanggap nito, ay hayaang tumanggap.”

Batay sa kasulatan sa itaas, ang salitang EUNUKO ay tumutukoy sa mga tao na itinakda ng Diyos na manatiling walang asawa. May tatlong uri ng eunuko.

Uri 1: Isinilang na Eunuko.

Ang taong isinilang na eunuko ay taong nagtataglay ng mga katangian o kapansanan mula sa tiyan ng nanay (maging ito’y pisikal o kaya’y emosyonal), na humahadlang sa kanya upang magkaroon ng normal na relasyon sa sex ng lalaki-sa-babae. Ang homosexual/lesbian na nagsasabi na may pagkagusto siya sa kapwa lalaki o kapwa babae ay ituturing na isinilang bilang eunuko. Hindi natin pinagtatalunan kung ang kanyang damdamin ay totoo o hindi at hindi natin siya hinuhusgahan na mayroon siyang ganyang damdamin.

Tanging sinasabi natin, na ang taong nagsasabi na mayroon siyang damdaming homosexual/lesbian, ay patunay na ang normal na pag-aasawa ay hindi para sa kanya, dahil sa pag-uugaling taglay niya mula pagsilang.

Uri 2: Eunukong Gawa ng Tao

Ang eunukong gawa ng tao ay taong nahahadlangang makapag-asawa ng normal dahil sa operasyon na ginawa sa kanya o dahil sa isang aksidenteng nangyari sa kanya. Noong unang panahon, sa palasyo ng mga hari, ang mga lalaki ay kinakapon (ginagawang eunuko) upang

magsilbing guwardiya sa harem ng hari. Subali't hiwalay sa ganyang mga makalumang ugali ng mga hari, sa lahat ng panahon ay nangyayari ang mga aksidente na sumisira sa kakayahan ng isang lalaki o babae upang magkaroon ng normal na relasyon ng may-asawa.

Uri 3: Misyonerong Eunuko

Ang misyonerong eunuko ay isang taong may kumpletong kakayahan at kalayaan na magkaroon ng normal na relasyon sa pag-aasawa. Subalit, dahil sa personal na pasiya at pagtatalaga ng sarili upang maglingkod ng lubusan sa Diyos, mas pinili niya na manatiling walang asawa. Maaring ang kanyang pagiging eunuko ay panghambang buhay o sa loob lamang ng ilang panahon, ito'y bagay na siya at Diyos lamang ang makagpapasiya.

D. MGA DINGDING: BATAS NG DIYOS PARA SA LAHAT – KABANALAN: MAY ASAWA MAN O WALA.

Ang bahay na itinatatag ng Diyos ay may mga dingding, na sumasagisag sa batas ng Diyos para sa lahat: kabanalan para sa may-asawa at sa walang asawa.

- (a) Ang KABANALAN sa sex ay nagtatakda na ang pagtatalik sa sex ay para lamang sa lalaki at babae na kasal sa isa't isa.

Para sa may-asawa, ang KABANALAN ay pagkakaroon ng sex sa iyong asawa lamang. Ibig sabihin, bawal ang pakikiapid, maging ito'y sa aktuwal o sa "isip lamang". Ibig sabihin, bawal ang paggamit o panonood o paggamit ng lahat ng uri ng pornograpiya (Mateo 5:27-30).

Para sa walang asawa, ang KABANALAN ay pag-iwas sa lahat ng pisikal na pagtatalik sa sex sa sa lalaki-sa-babae o bilang homosexual/lesbian; at bawal din ang "sex sa isip lamang" at bawal ang lahat ng uri ng pornograpiya (Mateo 5:27-30).

- (b) Ayon sa batas ng Diyos, lahat ng WALANG ASAWA (normal, homosexual/lesbian, separado/a, diborsyado/a) ay dapat manatiling may KABANALAN sa katawan at sa isip. Ang kabanalan sa katawan ay pag-iwas sa sex sa hindi asawa. Ang kabanalan sa isip ay pag-iwas sa malalaswang isip at pag-iwas sa pornograpiya.

TUTOL: Paano kung gayon magkakaroon ng kaligayahan at magiging kumpleto ang mga walang asawa?

SAGOT: 2 Corinto 12:9: "Subalit sinabi niya sa akin, "Ang aking biyaya ay sapat na sa iyo, sapagkat ang aking kapangyarihan ay nagiging sakdal sa kahinaan." Pagkakalooban ka ng

Diyos ng Kanyang biyaya at kalakasan upang matupad mo ang Kanyang plano para sa iyo, may asawa ka man, o wala.

KAIBA ANG PERSONALIDAD SA GAWA

Dapat nating ihiwalay ang PERSONALIDAD sa GAWA. Kung isip ng isang tao na siya ay may PERSONALIDAD o damdaming homosexual/lesbian, hindi siya nagkakasala na mayroon siyang ganyang damdamin. Ibig sabihin, ang ganyang tao na may damdaming homosexual/lesbian ay hindi puwedeng magkaroon ng normal na relasyon sa pag-aasawa. At bilang taong walang asawa, utos ng Diyos ay manatili siyang banal sa isip at katawan. Lagi nating pakatatandaan na ang batas ng kabanalan ay para sa lahat ng tao, may asawa man o wala, normal o homosexual/lesbian, silang lahat ay inuutusan ng Diyos na manatiling banal sa isip at katawan sa lahat ng panahon.

PAANO NAMAN ANG AKING DAMDAMIN?

Kapag sinasabi ng tao, “May damdamin akong homosexual/lesbian”, and ibig nilang sabihin ay may pagkagusto sila sa kapwa lalaki o kapwa babae. Sa totoo lang, ang pagkagusto sa sex ay parehong dumarating sa lahat, maging normal na tao ka o homosexual/lesbian. At pareho ang utos ng Diyos sa normal na tao at sa homosexual/lesbian: Ang sex ay bukod tangi lamang para sa mag-asawa, at hindi para sa walang asawa.

TUTOL: Pero ang normal na tao ay puwedeng mag-asawa, pero ang mga homosexual/lesbian ay bawal mag-asawa sa kapwa lalaki o kapwa babae. Paano malalaspang ng homosexual/lesbian ang kaligayahan ng sex?

SAGOT: Maraming mga normal na tao ang hindi rin nakagpag-aasawa. Kaya, uulitin natin na ang utos ng Diyos para sa lahat, normal o homosexual/lesbian ay ito: Manatiling banal sa katawan at sa isip.

ANG PERSONALIDAD

Tulad ng nasabi na sa itaas, ang pagkakaroon ng PERSONALIDAD na homosexual/lesbian ay hindi kasalanan. Ang kasalanan ay ang GAWA, kung pagbibigyan mo ang pagkagusto mo at magkakaroon ka ng pisikal na relasyon ng sex sa kapwa lalaki o kapwa babae. (Exodo 20:14; Leviticus 20:13; Romans 1:26-27).

Subali’t ang pagkakaroon ng MALAPIT NA KAIBIGAN na walang relasyong pisikal sa sex ay hindi kasalanan; ito’y tinatawag na PLATONIC FRIENDSHIP, pagkakaibigan sa isip at damdamin na walang sex. Sa bansang kanluranin, ang PLATONIC FRIENDSHIP ay hindi na

masyadong kilala, at ito’y pinagduduhan madalas. Subalit noong unang panahon, ang PLATONIC FRIENDSHIP ay ginagalang, at pinupuri pa nga. Halimbawa sa Biblia ay ang pagkakaibigan nila David at Jonathan, na ito’y walang kinalaman sa sex (1 Samuel 18:1-4).

DAMIT

Ipinagbabawal din ng Biblia ang lalaki na magdamit pambabae, at ang babae na magdamit panlalaki (Deuteronomio 22:5). Subali’t ang modernong fashion o uso ay sobrang tumbalik na ngayon kung kaya’t kung minsan ay hindi mo na masabi kung alin ang damit panlalaki o pambabae.

KILOS

Isa pa, hindi rin ibig sabihin na baguhin mo ang natural na kilos ng iyong personalidad. Sa Tagalog, may tinatawag tayo na lalaking “mahinhin” kumilos, o ang isang babae ay “tomboy”. Hindi kasalanan na kumilos ka ayon sa iyong natural na personalidad. May mga lalaki na sadyang mahinhin kung kumilos; at may mga babae na mala-lalaki naman. Hindi kasalanan ang personalidad; ang kasalanan ay ang gawa ng pagtatalik sa sex sa kapwa mo kabaro.

E. BUBONG: BUHAY AT MINISTERYO

Ang bubong ng bahay na itinatayo ng Diyos ay may buong, na ito’y simbolo ng buhay at ministryo na inihanda ng Diyos para sa bawat isa sa atin.

Tayong lahat ay nilikha ng Diyos na may eksaktong personalidad na taglay para sa layuning inihanda Niya sa atin – maging normal man o homosexual/lesbian. Kung sa palagay mo ay TIPO 1 EUNOKO ikaw, Diyos ang lumikha sa iyo na ganyan para sa isang layunin. Tulad ng TIPO2 o TIPO 3, tinatawagan ka ng Diyos na ialay sa Kanya bilang handog ang sakripisyo mo na hindi ka mag-aasawa. Hindi ka Segunda klaseng tao dahil lamang sa ikaw ay walang asawa. Sa halip, may gantimpala mula sa Diyos para sa iyo at para sa lahat ng mga taong habang buhay na walang asawa.

Maari nating bigkasin ang dalanging tulad nito:

"Panginoong Diyos, salamat po na ako’y nilikha nang eksakto bilang ako, para sa isang dakilang layunin. Tulungan po ako na mamuhay nang may kabanalan upang matupad ko ang Iyong layunin para sa aking buhay."

2 Timoteo 2:20-22: ²⁰ Sa isang malaking bahay ay hindi lamang may mga kasangkapang ginto at pilak, kundi mayroon din namang kahoy at luwad, at ang iba'y sa natatanging paggagamitan at ang iba'y para sa karaniwan.

²¹ Kung nililinis ng sinuman ang kanyang sarili mula sa mga bagay na ito ay magiging tanging kagamitan, itinalaga at mahalaga sa may-ari ng bahay, handa sa lahat ng mabuting gawa.

²² Ngunit layuan mo ang masasamang pagnanasa ng kabataan at sundin mo ang katuwiran, pananampalataya, pag-ibig, at kapayapaan, kasama ng mga tumatawag sa Panginoon mula sa malinis na puso.

PARA SA ATING LAHAT

Tayong lahat, dapat magpakita tayo ng pag-ibig, paggalang at pagtanggap sa lahat, maging sa mga normal at maging sa mga homosexual/lesbian. At tayong lahat ay dapat magpaalalahan sa isa't isa na manatili tayong banal, may asawa man tayo o wala.

Kapag itinayo mo ang iyong buhay ayon sa mga prinsipyo ng Biblia, na napag-aralan natin, maitatag mo ang isang BAHAY (BUHAY AT MINISTERYO) na magsisilbing pagpapala, isang kanlungan, isang tahanan, para sa marami, kung saan makakatanggap sila ng pag-ibig, kaawaan, pang-unawa at kahulugan.

At ano ang iyong gantimpala, kung ipagkaloob sa iyo ng Diyos ang natatanging tawag na mamuhay na walang asawa?

Maranasan mo ang bukod-tanging kaligayahan at pribilihyo na maiukol mo nang buong-buo ang iyong paglilingkod at pag-ibig sa Panginoong Cristo Jesus, na Siya mismo ang Dakilang Halimbawa natin bilang namuhay Siya nang buong kabanalan bilang walang asawa.

“Ang walang asawa ay nababalisa sa mga bagay ng Panginoon, kung paano niya mabibigyang-kasiyahan ang Panginoon;” (1 Corinto 7:32). Si apostol Pablo ay kabilang sa mga dakilang lingkod ng Diyos. Masdan kung anong dakilang mga bagay ang nagawa ng Diyos sa pamamagitan niya dahil siya’y nagpasiyang manatiling misyonerong walang asawa.

Sa buong kasaysayang Kristiyanismo, kay dami ng mga lalaki at babae na pinili nila ang buhay walang asawa bilang kaloob at tawag ng Diyos sa kanila. Sila’y ginamit ng Diyos upang gumawa ng dakilang mga bagay, upang itayo at palawakin ang kaharian ng Diyos sa ibabaw ng lupa.

Hindi ibig sabihin na mas dakila ang ganito o ganoong estado. Tinatawag ng Diyos ang iba para sa buhay MAY-ASAWA, at ang iba nama’y tinatawag ng Diyos sa buhay WALANG ASAWA. Ang mahalaga ay malaman at matiyak natin kung alin ang tawag sa atin, at dapat manatili at magpatuloy tayo nang buong katapatan at kabanalan sa estadong iyan.

Sauluhin natin:

1 Corinto 7:23-24: ²³ Kayo'y binili sa halaga, huwag kayong maging mga alipin ng mga tao. ²⁴ Kaya, mga kapatid, hayaang ang bawat isa'y manatili sa kalagayan nang siya'y tawagin ng Diyos.

ARALIN 8: LAYUNIN**PASIMULA**

1. Upang maipamuhay ang Paraang Chi Upsilon, ang sunod na larangan ng buhay na dapat paghariin si CRISTO HIGIT SA LAHAT – CHRISTOS UPSISTOS – ay sa larangan ng LAYUNIN sa buhay. (Ipakita ang diyagrama ng CHI UPSILON.)

2. Ang bawat tinedyer (at gayundin ang lahat ng tao anuman ang edad) ay dapat sagutin ang APAT NA KATANUNGAN:

TANONG 1: Sino ako?

TANONG 2: Saan ako nagmula?

TANONG 3: Saan ako patutungo?

TANONG 4: Bakit ako naririto?

3. Ang Tanong 1 at 2 ay sinagot na natin sa ating aralin tungkol sa DIYOS at SARILI. Ang Tanong 3 at 4 ay sasagutin natin sa araling ito tungkol sa LAYUNIN.

4. Kumuha tayo ng lapis at papel at isulat natin ang ating kasagutan sa tanong na ito: *Ano ang layunin o mithiin ko sa buhay?*

SI CRISTO ANG ATING HUWARAN

5. Pag-aralan natin ang Juan 13:3: *Alam ni Jesus na ibinigay na ng Ama ang lahat ng mga bagay sa kanyang mga kamay, at siya'y nanggaling sa Diyos at patungo sa Diyos.*

6. Mula sa Juan 13:3 ay pansinin natin:

(1) Alam ni Jesus kung sino siya, siya'y Anak ng Diyos;

(2) Alam ni Jesus na siya'y nanggaling sa Diyos;


- (3) Alam ni Jesus na siya'y babalik patungo sa Diyos;
- (4) Alam ni Jesus kung bakit siya nasa daigdig, upang tapusin ang gawaing ibinigay sa kanya ng Diyos (tingnan din ang Juan 9:4; 17:4).

7. Sa gayunding paraan, bilang mga Kristiyano ay alam din natin ang sumusunod:

- (1) Alam natin na tayo'y mga anak ng Diyos;
- (2) Alam natin na ang buhay natin ay galing sa Diyos;
- (3) Alam natin na tayo'y babalik sa Diyos;
- (4) Alam natin na ang Diyos ay may natatanging LAYUNIN para sa atin sa daigdig na ito.

LAYUNIN

8. Ano ang natatanging layunin o plano ng Diyos para sa atin? Isang bagay ang tiyak natin tungkol sa kanyang layunin para sa atin – ito'y kalakip sa kanyang pangkalahatang layunin. Mula sa diyagrama sa ibaba, pansinin ang mga pangunahing bagay sa plano ng Diyos:



(1) ANG HABA NG ATING BUHAY

- Ayon sa Awit 139:16, noong tayo'y isinilang, anoang itinakda ng Diyos tungkol sa haba ng ating buhay?
- Kung gayon, ano ang dapat nating sikapang matiyak ng maliwanag? (Efeso 5:15-17)

(2) KALOOBAN NG DIYOS PARA SA ATING PAGKATAO

- Ang kalooban o plano ng Diyos ay may dalawang bahagi. Una, may plano ang Diyos para sa ating pagkatao. Ayon sa sumusunod na talata, kalooban ng Diyos na maging perpekto tayo katulad nino? (Roma 8:29-30; Efeso 4:13)

(3) KALOOBAN NG DIYOS PARA SA ATING GAWAIN

- Ang pangalawang bahagi ng plano ng Diyos ay may kinalaman sa ating trabaho, kung ano ang ibig ng Diyos na paggagamitan ng ating buhay. Ibig ng Diyos na gamitin natin ang ating propesyon o kabuhayan upang makatulong sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo sa buong daigdig. Sa iyong sariling pananalita, pakibigay ang buod ng sumusunod na talata.

Mateo 28:19-20

.....

Marcos 16:15


.....

Gawa 1:8

.....

9. Upang matupad ang kalooban ng Diyos para sa iyong PAGKATAO at ang kalooban ng Diyos para sa iyong TRABAHO, kailangang gamitin mo ang PRINSIPYO NG HAGDAN. Ano ang prinsipyo ng hagdan?

PRINSIPYO NG HAGDAN



10. Alam natin kung ano ang hagdan, di ba? Ano ang gamit ng hagdan? Bakit at kailan natin kailangang gamitin ang hagdan? Ang sagot ay napakasimple.

11. Ginagamit natin ang hagdan upang makarating mula sa mababang palapag (halimbawa, unang palapag) tungo sa mas mataas na palapag (halimbawa, pangalawang palapag). Kailangan natin ang hagdan kung hindi natin kayang abutin ang mas mataas na palapag sa isang hakaw o isang pagtalon. Ang hagdan ay nagbibigay sa atin ng mas maliliit na baytang na kaya nating hakbangin upang marating natin ang mas mataas na palapag.

12. Ang ITAAS na dulo ng hagdan ay ang iyong LAYUNIN o MITHIIN. Ang mga BAITANG ay mga GAWAIN na nakahanay sa wastong pagkakasunod-sunod nila ayon sa TALA-PANAHOAN kung kailan dapat tapusin ang bawat gawain.

LAYUNIN TUNGKOL SA PAGKATAO: MAGING KATULAD NI CRISTO

13. Ngayon, tingnan natin ang layunin ng Diyos para sa ating PAGKATAO: maging katulad ni Cristo. Paano natin gagamitin ang HAGDAN upang matupad ang layuning ito?

14. Sa katunayan, ibinigay na ng Diyos ang HAGDAN. Ang pangkalahatang hagdan ay matatagpuan sa 1 Juan 2:12-14; ang mas detalyadong hagdan ay matatagpuan sa 2 Pedro 1:5-7. Unahin nating basahin ang 1 Juan 2:12-14. Sa mga talatang ito, ang HAGDAN patungo sa layuning maging katulad ni Cristo ay mayroong tatlong baitang o antas. Upang maging katulad ni Cristo, ang bawat Kristiyano ay dapat magdaan sa tatlong antas na ito ng paglago.

BAITANG 1: ANTAS NG ESPIRITWAL NA SANGGOL

BAITANG 2: ANTAS NG ESPIRITWAL NA KABATAAN

BAITANG 3: ANTAS NG ESPIRITWAL NA MAGULANG

15. Ngayon basahin natin ang 2 Pedro 1:5-7. Sa mga talatang ito, ang HAGDAN tungo sa layuning maging katulad ni Cristo ay nagtatakda na tayo ay lumago ng baitang-baitang sa walong katangian.

BAITANG 1: PANANAMPALATAYA

BAITANG 2: KABUTIHAN

BAITANG 3: KAALAMAN

BAITANG 4: PAGPIPIGIL

BAITANG 5: PAGTITIIS

BAITANG 6: MAKA-DIYOS

BAITANG 7: PAGMAMAHAL SA

KAPATID

BAITANG 8: PAG-IBIG

16. Ang paraan ng pagiging katulad ni Cristo ay tinatawag na PAGLAGO BILANG ALAGAD. May tatlong antas ang pagiging alagad: Sanggol, Kabataan, Magulang. May walong katangian ang dapat maisabuhay ng isang alagad: pananampalataya, kabutihan, kaalaman, pagpipigil, pagtitiis, maka-Diyos, pagmamahal sa kapatid, pag-ibig.

17. Sa praktikal na paraan, nangangahulugan ito na dapat kang sumali sa isang tuloy-tuloy na pag-aaral ng Biblia ukol sa pagiging alagad. Pagkatapos ng kursong ito ng CHI UPSILON, ang iyong lider ay magbibigay sa iyo ng payo tungkol sa kung aling pagsasanay ang puwede mong salihan, tulad ng Bagong Buhay Pagsasanay ng Alagad.

LAYUNIN SA PROPESYON: IYONG TRABAHO SA BUHAY

18. Ang layunin mo sa propesyon ay nakasalalay sa iyong sagot sa katanungang ito: Aling propesyon ang magbibigay sa akin ng higit na kakayahan upang makatulong ako sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo sa buong daigdig?

19. Sa iyong edad, maaarin sasabihin mo, “Pero hindi ko pa tiyak kung aling kurson ang gusto ng Diyos na pag-aaralan ko.”

20. Katunayan, hindi mo kailangang matiyak agad kung aling kurso ang gusto ng Diyos na kunin mo. Pero isang bagay ang matitiyak mo: **IBIG NG DIYOS NA MAKATAPOS KA NG IYONG EDUKASYON.**

21. Sa pagkamit ng edukasyon, ang mga baitang ay inihanda na para sa iyo. Sa elementarya, kailangan mong matapos ang Grado 1 hanggang Grado 6. Sa haiskul, kailangang magdaan ka sa unang taon hanggang pang-apat na tao. Ganoon din sa kolehiyo.

24. Ang pinaka-praktikal na gamit ng HAGDAN ay upang tulungan kang matapos mo ang mga proyekto o takdang gawain sa eskuwelahan. Tulad ng ipinaliwanag na natin, ang ITAAS na dulo ng hagdan ay ang iyong LAYUNIN. Ang mga BAITANG ay mga GAWAIN na naayos sa wastong pagkakasunod-sunod ayon sa TALA-PANAHONAN.

25. Halimbawa, gamitin natin ang isang madaliang layunin:

(1) LAYUNIN: TAPUSING BASAHIN ANG AKLAT PARA SA AKING REPORT SA LOOB NG ISANG LINGGO. Ito ang ITAAS ng iyong hagdan.

(2) GAWAIN AT TALA-PANAHONAN: Ang aklat ay naglalaman ng 105 pahina; mayroon ka lang isang linggo o pitong araw upang basahin ang libro. Kung gusto mo, puwedeng sikapin mong basahin ang libro sa loob ng isang araw (ito’y katulad ng pag-akyat mula sa ibaba tungo sa itaas sa isang talon lamang, na mahirap na gawin); o puwede mong basahin ang 15 pahina bawat araw (ito’y katulad ng pag-akyat ng baitang-baitang hanggang maabot mo ang itaas).

26. Maari mong gamitin ang hagdan para sa anumang layunin (madalian, pangmatagalan, o katamtaman). Ang lihim ay pipira-pirasuhin mo ang mga gawain sa malilit na hakbang at ayusin sila sa tamang pagkakasunod-sunod upang matapos mo ang iyong gawain ng hakbang-hakbang.

27. May nagtanong: Paano mo kakainin ang isang elepante? Sagot: Paisa-isang kagat lang. Walang malaking layunin kung iyong hahatiin ang mga gawain sa isang HAGDAN na binubuo ng maliliit at sunod-sunod na hakbang.

MGA SAGABAL SA IYONG LAYUNIN

28. May mga sagabal sa daan tungo sa pagtupad mo ng iyong layunin. Upang malampasan mo ang mga sagabal na ito, ibinibigay namin ang sumusunod na mungkahi:

- MUNGKAHI 1: Pahalagahan ang iyong panahon; huwag aksayahin ang iyong panahon.
- MUNGKAHI 2: Palayasin ang katamaran sa iyong katawan.
- MUNGKAHI 3: Huwag magpapaliban. Tigilan na ang pagsabi ng “Mamaya na”. Huwag ipabukas kung magagawa mo ngayon.
- MUNGKAHI 4: Alisin ang ugaling “bahala na”. Gawin mo ang ubos-kaya mo, at Diyos ang bahala sa lahat.
- MUNGKAHI 5: Iwasan ang ugaling pagbibigay; huwag padala sa karamihan. Natatandaan mo ba ang awitin, “Row, row, row your boat, gently down the stream” (Sagwan ka ng mahinay, ang agos ay sundan)? Kung sumusunod ka sa agos, ni hindi mo kailangang sumagwan. Sasagwan ka kung komontra ka sa agos, talagang gagamit ka ng puwersa. Oo, maging mabait na kaibigan ka hanggat maari, pero huwag mong payagan na ililigaw ng ibang tao palayo sa iyong layunin. Kung kailangan dapat matuto kang magsabi ng HINDI, kahit sa mga kaibigan. May mga kaibigang magdaramdam; pero ang mga tunay na kaibigan ay mauunawaan ka.
- MUNGKAHI 6: Gayunpaman, matuto ka ring mag-relaks at magpahinga ng sapat. Ang katawan at utak mo’y kailangan ding magpahinga. Magtrabaho ka ng husto sa abot ng kaya mo, subalit bigyan mo rin ng pahinga ang sarili mo.
- MUNGKAI 7: Laging hihingin ang patnubay at tulong ng Diyos. Laging sundin ang payo ng Kawikaan 3:5,6.

PAGSASABUHAY

29. Sa simula ng araling ito ay hiniling ka na isulat ang iyong layunin sa buhay. Balikan natin ngayon kung ano ang sinulat mo, at bumalangkas ka ng HAGDAN kung paano mo maaabot ang iyong layunin. Anong mga hakbang ang dapat mong gawin upang matupad ang iyong layunin?
30. Sa araw na ito, sumulat ka ng isang pasiya tulad ng nasa ibaba. Lagdaan ang iyong pasiya at lagyan ng petsa; hilingin ang isang kaibigan na lumagda bilang saksi at hilingin siya na tatanungin ka manaka-naka tungkol sa iyong pagsulong.

SA ARAW NA ITO, SA TULONG NG PANGINOON, NAGPAPASIYA AKO NA TUPARIN ANG LAYUNIN NG DIYOS PARA SA AKING BUHAY – SA AKING PAGKATAO AT SA AKING PAGHAHANDA PARA SA MAGIGING TRABAHO (PROPESYON) KO SA BUHAY.

Lagda: _____ Petsa: _____

Saksi: _____ Petsa: _____

TALATANG SASAULUHIN:

31. Isulat sa isang tarheta ang talata sa ibaba.

FILIPOS 3:13-14 – Mga kapatid, hindi ko pa inaaring naabot ko na, ngunit isang bagay ang ginagawa ko, nililimot ko ang mga bagay na nasa likuran, at tinutungo ang mga bagay na hinaharap, nagpapatuloy ako tungo sa mithiin para sa gantimpala ng dakilang pagtawag ng Diyos kay Cristo Jesus. – FILIPOS 3:13-14

ARALIN 9: TAGUMPAY

PANIMULA

1. Dumating na tayo sa huling larangan ng buhay na dapat nating harapin, ang larangang may kinalaman sa TAGUMPAY. (Tingnan nating muli ang diyagrama ng CHI UPSILON.)
2. Ano ang iyong pakahulugan sa TAGUMPAY? Sa iyong palagay, sino ang taong tunay na matagumpay? Karamihang tao ang nag-aakalang pera at yaman ang sukatan ng TAGUMPAY. Ano ang sabi ni Jesus tungkol sa sukatang ito sa Mateo 16:26?

Sapagkat ano ang mapapakinabang ng tao, kung makamantan niya ang buong sanlibutan ngunit mawawala naman ang kanyang kaluluwa? O ano ang ibibigay ng tao na katumbas ng kanyang kaluluwa?

3. Sinaysay din ni Jesus ang talinghaga tungkol sa kawalang kabuluhan ng makalupa at materyal na tagumpay. Basahin natin ang Lucas 12:16-21.

4. Upang maipamuhay natin ang prinsipyo ng CHI UPSILON – SI CRISTO HIGIT SA LAHAT, CHRISTOS UPSISTOS – dapat nating sundin ang kahulugan ng TAGUMPAY ayon sa Biblia.

DALAWANG HALIMBAWA SA BIBLIA

5. Ang una't sukdulang halimbawa natin ay si Jesus. Sa kanyang dalangin sa Ama sa Juan 17:4, ibinigay ni Jesus sa atin ang kanyang pakahulugan sa tagumpay.

Niluwalhati kita sa lupa, sa pagtatapos ko ng gawaing ibinigay mo sa akin.

6. Mula sa talatang ito, pansinin natin ang dalawang bahagi ng tagumpay:


(a) Ang tagumpay ay pagbibigay ng kaluwalhatian sa Diyos;

(b) Ang tagumpay ay pagtatapos ng gawaing ibinigay sa atin ng Diyos.

7. Si apostol Pablo ang sunod na halimbawa natin ng tagumpay. Basahin natin ang kanyang patotoo sa 2 Timoteo 4:7-8:

Nakipaglaban ako ng mabuting pakikipaglaban, natapos ko na ang aking takbuhin, iningatan ko ang pananampalataya. Kayat mula ngayon ay nakalaan na sa akin ang putong ng katuwiran, na ibibigay sa akin ng Panginoon na tapat na hukom sa araw na iyon, at hindi lamang sa akin, kundi sa lahat din naman ng mga naghahangad sa kanyang pagpapakita.

8. Ang buod ng sinasabi ni Pablo ay katulad din ng sinabi ni Jesus. Ang tagumpay ay pagluwalhati sa Diyos (ingatan ni Pablo ang pananampalataya), at pagtatapos sa gawaing ibinigay ng Diyos sa kanya (nakipaglaban si Pablo ng mabuting laban, at natapos niya ang kanyang takbuhin).



SUKATAN NG TAGUMPAY

9. Sa CHI UPSILON dapat nating malaman at maunawaan ang sukatan ng tagumpay. Ang tagumpay ay hindi sa dami ng ating nagawa; kundi, ang tagumpay ay ang dami ng ating nagawa kompara sa ating mga kaloob, kakayahan at mga pagkakataon na ibinigay ng Diyos sa atin. Bilang simpleng ilustrasyon (sa itaas), paghambingin natin si Juan at Goryo. Ang puting bloke ay sumasagisag sa kaloob (kakayahan); and may kulay na bloke ay sumasagisag sa dami ng nagawa. Si Juan ay nagtataglay lamang ng isang kaloob (abilidad); pero ginamit niya ang kanyang kaloob upang makagawa siya sa ubos-kaya niya. Si Goryo naman ay may limang kaloob (abilidad); at nakagawa siya ng dalawang ulit na dami kaysa nagawa ni Juan, pero ginamit ni Goryo ang dalawa lamang sa kaloob niya. Sa mata ng Diyos, sino ang mas matagumpay, si Juan o si Goryo?

Si Juan ay nakagawa lang ng isang bloke; si Goryo ay nakagawa ng dalawang bloke.

10. Basahin natin ang Lucas 21:1-4. Sang-ayon kay Jesus, sino ang totoong nagbigay ng marami sa Diyos, ang mga mayamang tao na nagbigay ng maraming salapi, o ang dukhang balo na nagbigay lamang ng dalawang kusing? Ano ang sukatang ginamit ni Jesus?

11. Ang pangyayaring ito tungkol sa mayamang tao at sa dukhang balo ay nagpapakita sa atin ng dalawang panganib.

(a) Panganib para sa mayayayaman. Ang mga mayayamang tao ay nag-aakala na natutuwa ang Diyos sa kanila dahil lamang sa nakapagbigay sila ng mas marami kompara sa ibang tao. Sa katunayan, sinusukat sila ng Diyos ayon sa kung magkano ang ibinigay nila kompara sa kanilang taglay na kayamanan.

(b) Panganib para sa mahihirap. Ang mga mahihirap na tao naman ay nag-aakala na ligtas na sila sa pagbibigay kasi mahirap lang sila. Pinatunayan ng dukhang balo na ang karukhaan ay hindi dahilan upang huwag magbigay; ang mga Kristiyano sa Macedonia, tulad ng balo, ay nagbibigay din ng mabuting halimbawa na huwag nating idahilan ang ating kahirapan para huwag magbigay (basahin ang 2 Corinto 8:1-3).

12. Basahin natin ang Mateo 25:24-30.

(a) Ayon sa talinghagang ito, mas mataas bang gantimpala ang tinanggap ng lalaking may sampung talento kaysa lalaking may limang talento?

(b) Ano ang dahilan kung bakit sinumpa ng panginoon ang taong may isang talento?

13. Ang talinghaga ng mga talento ay nagbibigay ng mahalagang paalaala sa ating lahat.

(a) Paalaala sa mga taong may maraming talento. Sila'y natutuksong mag-akala na matagumpay na sila dahil marami silang nagagawa kahit na ginagamit lang nila ang ilan sa

kanilang talento. Dapat nating alalahanin na inaasahan ng Diyos na gamitin natin ang LAHAT ng ating talento.

(b) Paalaala sa mga taong isa lang o kaunti ang talento. Kadalasan, ang mga taong may isa o ilang lang na talento ay nag-aakala na hindi sila kailangan, kung kayat tinatago na lang nila ang kanilang talento. Ang talinghagang ito ay nagpapaalaala sa atin na dapat nating gamitin ang lahat ng ating talento sa ubos kaya natin, kahit na iisa o marami ang ating talento.

14. Sa 1 Pedro 4:10-11 ay matatagpuan natin ang mga saligang prinsipyo ng tagumpay sa pamamagitan ng paggamit natin ng mga kaloob at talento para sa Panginoon.

Kung paanong ang bawat isa ay tumanggap ng kaloob, ipaglingkod ito sa isa't isa bilang mabubuting katiwala ng masaganang biyaya ng Diyos. Sinumang nagsasalita ay gawin iyon nang tulad sa nagsasalita ng mga aral ng Diyos; sinumang naglilingkod ay tulad sa naglilingkod mula sa kalakasang ibinibigay ng Diyos, upang ang Diyos ay maluwalhati sa lahat ng mga bagay sa pamamagitan ni Jesu-Cristo. Sa kanya ang kaluwalhatian at ang kapangyarihan magpakailanman. Amen.

15. Suriin natin nang mainam ang kasulatang ito:

(a) Ang bawat Kristiyano ay tiyak na tumanggap ng isang kaloob: *Kung paanong ang bawat isa ay tumanggap ng kaloob.*

(b) Ang mga kaloob ay dapat gamitin upang paglingkuran ang iba: *ipaglingkod ito sa isa't isa.*

(c) Tayo'y mga katiwala (tagapamahala) lamang, hindi nagmamay-ari ng mga kaloob: *bilang mabubuting katiwala ng masaganang biyaya ng Diyos.*

(d) Ang mga kaloob ay ibinigay sa atin dahil lamang sa biyaya ng Diyos, hindi dahil tayo ay karapat-dapat: *bilang mabubuting katiwala ng masaganang biyaya ng Diyos.*

(e) Ang mga kaloob ay dapat gamitin sa paglilingkod sa Diyos, sa lakas na galing sa Diyos, at para sa kaluwalhatian ng Diyos: *Sinumang nagsasalita ay gawin iyon nang tulad sa nagsasalita ng mga aral ng Diyos; sinumang naglilingkod ay tulad sa naglilingkod mula sa kalakasang ibinibigay ng Diyos, upang ang Diyos ay maluwalhati sa lahat ng mga bagay sa pamamagitan ni Jesu-Cristo.*

IWASAN ANG PAGHAHAMBING

16. Ang isang malaking panganib na dapat nating iwasan ay ang paghahambing. Halimbawa, sino ang mas dakila, si Pedro na nakapagdala ng 3,000 katao sa isang sermon, o si Andres na nakapagdala ng isang tao lamang kay Cristo, si Pedro na kanyang kapatid?

17. Isang modernong halimbawa ay si Ebanghelista Billy Graham. Halos lahat ay nakakakila kay Billy Graham na siya'y nakapagpahayag ng ebanghelyo sa milyon-milyong katao sa buong daigdig. Pero sino ang nakakakilala sa taong nagdala sa kanya kay Cristo? Subalit kung hindi

dahil sa taong iyon na nag-akay sa kanya tungo kay Cristo, malamang na hindi naging tanyag na ebanghelista si Billy Graham.

PAGSASABUHAY

18. Sa katapus-tapusan, iisa lamang ang sukatan ng tagumpay – ang papuring kaloob ng Diyos. Binigkas ni apostol Pablo ang tamang damdamin na dapat taglayin ng bawat Kristiyano – at ng bawat gradwet ng CHI UPSILON – sa 2 Corinto 5:9-10:

Kaya't maging nasa tahanan o malayo sa tahanan, ang aming mithiin ay ang bigyan siya ng kasiyahan. Sapagkat tayong lahat ay kailangang humarap sa hukuman ni Cristo upang bawat isa ay tumanggap ng kabayaran sa mga bagay na ginawa niya sa pamamagitan ng katawan, maging mabuti o masama.

19. Narito ang isang tula na dapat magsilbing hamon sa mga gradwet ng CHI UPSILON:

ONLY ONE LIFE

By C. T. Studd

Two little lines I heard one day,
Traveling along life's busy way;
Bringing conviction to my heart,
And from my mind would not depart:
Only one life, 'twill soon be past,
Only what's done for Christ will last.

Only one life, yes, only one,
Soon will its fleeting hours be done;
Then, in 'that day' my Lord to meet,
And stand before His Judgment seat:
Only one life, 'twill soon be past,
Only what's done for Christ will last.

Only one life, the still small voice,
Gently pleads for a better choice
Bidding my selfish aims to leave,
And to God's holy will to cleave:
Only one life, 'twill soon be past,
Only what's done for Christ will last.

Only one life, a few brief years,
Each with its burdens, hopes, and fears;
Each with its claims I must fulfill,

Living for self or in His will:
Only one life, 'twill soon be past,
Only what's done for Christ will last.

When this bright world would tempt me sore,
 When Satan would a victory score;
 When self would seek to have its way,
 Then help me Lord with joy to say;
Only one life, 'twill soon be past,
Only what's done for Christ will last.

Give me, Father, a purpose deep,
 In joy or sorrow Thy word to keep;
 Faithful and true whate'er the strife,
 Pleasing Thee in my daily life:
Only one life, 'twill soon be past,
Only what's done for Christ will last.

Oh let my love with fervor burn,
 And from the world now let me turn;
 Living for Thee, and Thee alone,
 Bringing Thee pleasure on Thy throne:
Only one life, 'twill soon be past,
Only what's done for Christ will last.

Only one life, yes, only one,
 Now let me say, "Thy will be done";
 And when at last I'll hear the call,
 I know I'll say "'Twas worth it all!"
Only one life, 'twill soon be past,
Only what's done for Christ will last.

ISANG BUHAY LANG

Ni C.T. Studd

Malayang salin ni Pastor Bien Llobrera

Dalawang pangungusap narinig ko isang araw,
 Habang ako'y naglalakbay sa daan ng buhay;
 Na bumagabag sa aking kalooban,
 At sa isip ko'y ayaw itong pumanaw:
Isang buhay lamang, oh kaydaling maglalaho,
Tanging mananatili, paglilingkod kay Cristo!

Isang buhay lang, oo, tanging iisa,
 Di maglalao't ito'y tiyak na matatapos na;
 At sa dulo nito'y haharap ako sa Diyos,
 At sa kanyang hukuman ako'y magtutuos.
*Isang buhay lamang, oh kaydaling maglalaho,
 Tanging mananatili, paglilingkod kay Cristo!*

Isang buhay lang, sa loob ko'y may isang tinig,
 Na nagsasabing dapat sundin ang daang matuwid,
 At dapat kong talikdan ang masasamang hilig,
 At sa salita ng Diyos lamang ako ay kakapit:
*Isang buhay lamang, oh kaydaling maglalaho,
 Tanging mananatili, paglilingkod kay Cristo!*

Isang buhay lang, ang mga taon ay lumilipad,
 Sampun ng mga lungkot, saya, ginhawa at hirap,
 Sa tuwina'y sa akin isang pagpili ang inihaharap,
 Kalooban ba ng Diyos o sarili ang hangad?
*Isang buhay lamang, oh kaydaling maglalaho,
 Tanging mananatili, paglilingkod kay Cristo!*

Pag sa aki'y malakas ang tawag ng sanlibutan,
 At tukso ni Satanas ay pilit na mangibabaw;
 At ang puso ko'y unti-unting naliligaw,
 Panginoon, tulungan po akong manindigan:
*Isang buhay lamang, oh kaydaling maglalaho,
 Tanging mananatili, paglilingkod kay Cristo!*

Bigyan po ako, Ama, ng pasiyang taimtim,
 Sa hirap man o ginhawa ito'y lagi kong kimkim;
 Mananatiling tapat, makikibaka sa lahat,
 Mabigyan lang ang Diyos ng luwalhati't galak:
*Isang buhay lamang, oh kaydaling maglalaho,
 Tanging mananatili, paglilingkod kay Cristo!*


O magningas nawa ang pag-ibig ko sa Diyos,
 At sa lahat ng linlang ng mundo ako'y tatalikod;
 Tanging sa Panginoon, ngayon at kailan man,
 Tanging sa kalooban Niya ako'y mabubuhay:
*Isang buhay lamang, oh kaydaling maglalaho,
 Tanging mananatili, paglilingkod kay Cristo!*

Isang buhay lang, oo, tanging nag-iisa,
 "Kalooban mo'y susundin ko," ito ang aking pasiya;
 At sa huling araw pagdating sa akin ng tawag,
 Ako ay sasagot, "Sulit na lahat aking mga paghihirap!"
*Isang buhay lamang, oh kaydaling maglalaho,
 Tanging mananatili, paglilingkod kay Cristo!*

20. Sa ating pagtatapos ng pag-aaral ng CHI UPSILON, handa ka bang magtalaga ng iyong sarili upang itanghal SI CRISTO HIGIT SA LAHAT – CHRISTOS UPSISTOS, upang ikaw ay mabuhay alang-alang kay Cristo na lamang, na laging inaaalaala: *Isang buhay lang, dagling matatapos, Tanging ginawa para kay Cristo, Siyang mananatiling lubos.*

21. Handa ka na bang italaga ang sarili mo, mula ngayon, upang mamuhay ayon sa CHI UPSILON? At handa ka bang sumali sa isang CELL GROUP NG CHI UPSILON, upang patuloy na palakas ang isa't isa at upang iplano kung paano rin abutin ang ibang kabataan para sila rin ay sumali sa pagsasanay ng Chi Upsilon?

- GOD - *DIYOS*
- SELF - *SARILI*
- PARENTS – *MGA MAGULANG*
- FRIENDS – *MGA KAIBIGAN*
- SPECIAL FRIEND – *TANGING KAIBIGAN*
- PURPOSE - *LAYUNIN*
- SUCCESS - *TAGUMPAY*



SAULUHIN ANG TALATA

22. Isulat ang talatang ito sa isang tarheta at sauluhin:

Mateo 16:26 – Sapagkat ano ang mapapakinabang ng tao, kung makamtan niya ang buong sanlibutan ngunit mawawala naman ang kanyang kaluluwa? O ano ang ibibigay ng tao na katumbas ng kanyang kaluluwa?- Mateo 16:26

ARALIN 10

PANGWAKAS NA HAMON: ANG IYONG PASIYA AT ANG BIYAYA NG DIYOS


1 Lahat ng papuri sa Diyos lamang! Muli, congratulations sa inyong pagtatapos ng Chi Upsilon Course.

2 Kayo ay humarap sa isang hamon. At kayo ay nagbigay ng tamang tugon sa hamon – na itanghal si CRISTO HIGIT SA LAHAT – CHRIST ABOVE ALL – CHRISTOS UPSISTOS – sa bawat bahagi ng inyong buhay. Ang inyong desisyon ay nararapat na pagsunod lamang sa utong ng Panginoong Jesus sa Mateo 6:33:

Ngunit hanapin muna ninyo ang kanyang kaharian^[g] at ang kanyang katuwiran, at ang lahat ng mga bagay na ito ay pawang idaragdag sa inyo.

3 Sa pag-aaral ninyo ng Chi Upsilon, dumating kayo sa SANGANG-DAAN – FORK IN THE ROAD – ng inyong buhay espiritwal. Ang daan papuntang kanan ay nagsasabi: CHRIST ABOVE ALL – CRISTO HIGIT SA LAHAT . Ang daan papuntang kaliwa ay nagsasabi: SELF ABOVE ALL – SARILI HIGIT SA LAHAT.

4 Kayo’y gumawa ng desisyon. Pinili ninyo ang daan sa kanan, iyan ang tamang daan. Ang inyong desisyon na itanghal si CRISTO HIGIT SA LAHAT – CHRIST ABOVE ALL, ay siyang pinaka-importanteng desisyon na ginawa ninyo sunod sa inyong desisyon na tanggapin si Cristo bilang Tagapagligtas at Panginoon.



5 Purihin ang Panginoon! Congratulations! Ginawa ninyo ang tamang desisyon. Pinili ninyo ang tamang daan, patungo sa kanan!

MALAKAS ANG INYONG LOOB!

6 Pagkatapos ng kursong Chi Upsilon, nararamdaman ninyo marahil na naging malakas ang inyong loob. Tulad ni Pedro, malamang na sinasabi ninyo sa Panginoon:

“Panginoon, mula ngayon, hindi Kita ikakahiya sa harap ng mga tao. Kahit tatalikod pa ang iba, ako’y mananatiling tapat sa Iyo.”

Katulad ni Pedro, maaaring sinasabi ninyo, “Panginoon, kahit na ialay ko pa ang buhay ko para sa Iyo, hindi ako tatalikod, hindi Kita ikakahiya sa harap ng mga tao!”

7 Mababasa natin sa Lucas 22:32-34 ang tungkol sa matatag na pasiya ni Pedro patungkol sa kanyang pagiging tapat sa Panginoon.

Sobra-sobra ang lakas ng loob ni Pedro. Ganoon na lamang ang tiwala niya sa kanyang sarili. Pero ano ang nangyari? Pagkatapos na ipahayag niya ang kanyang di-magmamaliw na katapatan sa Panginoon, sa loob lamang ng ilang oras, ikinaila at ikinahiya na ni Pedro ang Panginoong Jesus ng tatlong beses.

ANG DAMDAMIN NI PABLO

8 Kabaligtaran sa pagtitiwala sa sarili ni Pedro, dapat nating tularan ang damdamin ni apostol Pablo sa 1 Corinto 9:27:

Ngunit sinusupil ko ang aking katawan, at ginagawa itong alipin, upang pagkatapos na makapangaral ako sa iba, ako mismo ay hindi itakuwil.

9 Kailan ito sinulat ni Pablo? Sinulat niya ito noong siya’y matanda na bilang alagad, at siya’y beteranong misyonero na. Kasalukuyang siya’y nasa pangalawang paglalakbay niya bilang misyonero. Marami nang simbahan ang kanyang nasimulan, at marami nang alagad siyang naturuan. Gayunpaman, laging nag-iingat siya sa panganib ng pagkakaroon ng tiwala sa sarili, nag-iingat siya sa patibong ng pagiging kontento sa espiritwal na buhay, nag-iingat niya sa madayang pag-iisip na hindi na siya magkakasala at hindi na siya matatalo ni Satanas.

10 Isang bagay ang kinatatakutan ni Pablo, na baka pagkatapos na mangaral siya sa marami, siya mismo ay itatakwil, sa King James Version, “cast away”, something or someone rejected as unfit and below standard, a “reject”. Takot na takot siya na baka sa huli, siya’y itatapon parang isang bulok na bagay, walang kuwenta, at hindi nakaabot sa sukatan. Ito ang trahedyang kinatatakutan ni Pablo, na pagkatapos na siya’y nangaral sa iba, siya mismo ay hahantong sa impiyerno; kung hindi man sa impiyerno, ang lahat ng kanyang pinagpaguran ay maglalaho

parang usok at abo (1 Corinto 3:12-15). Alam na alam ni Pablo na ang mahigpit na kaaway ay hindi ibang bagay o tao sa labas. Ang kaniyang katawan mismong, ang LAMAN niya, ay siyang pinakamapanganib na kaaway. Sa kanyang laman ay doon nakatira ang alaala ng lumang buhay niya sa kasalanan, mga dating pag-uugali, mga dating pag-iisip, dating damdamin, dating mga pagpasiya na kinaugalian niya noong una, na nakatanim pa rin sa kanyang alaala.

DALAWANG TAKTIKA

11 Upang mapaglabanan ang kanyang makasalanang laman, gumamit si Pablo ng dalawang mabisang taktika.

(a) TAKTIKA #1: DISCIPLINE – PAGSUPIL.

Ang salitang “discipline/pagsupil” ay tumutukoy sa malakas na suntok ng boksingero na patama sa ulo ng kalaban upang mapatumba siya, o mahilo at manghina siya. Ang ibig sabihin, kailangang bugburin natin ng buong lakas ang ating laman at ang mga masasamang hilig nito.

(b) TAKTIKA #2: PUT UNDER SUBJECTION – PASUNURIN BILANG ALIPIN.

Ang aksiyon na ito ay naglalarawan sa maestro-amo na namumuno nang may kamay na bakal, may hawak na latigo na pinanghahagupit sa mga alipin upang sila’y magtrabaho nang mabilis at walang reklamo, kasabay ng kanyang malakas na boses na nagsisilid ng takot sa damdamin ng mga alipin.

TATLONG HAKBANG

12 Sa praktikal na paraan, paano natin madidisciplina at masusupil ang ating katawan/laman? TATLONG HAKBANG ang ipinag-utos ni apostol Pablo sa kanyang espirital na anak na si Timoteo. Basahin sa English (KJV) at Tagalog:

2 Timothy 2:22 (KJV):

Flee also youthful lusts: but follow righteousness, faith, charity, peace, with them that call on the Lord out of a pure heart.

2 Timoteo 2:22:

Ngunit layuan mo ang masasamang pagnanasa ng kabataan at sundin mo ang katuwiran, pananampalataya, pag-ibig, at kapayapaan, kasama ng mga tumatawag sa Panginoon mula sa malinis na puso.

13 Ang tatlong hakbang ay tatlong salita:

- STEP #1: FLEE – TAKASAN
- STEP #2: FOLLOW - HABULIN
- STEP #3: FELLOWSHIP - MAKISAMA

Pag-aralan natin isa-isa ang tatlong hakbang na ito.

14 STEP #1: FLEE YOUTHFUL LUSTS – TAKASAN ANG MASASAMANG PAGNANASA NG KABATAAN.

Ganito natin susupilin ang ating katawan/laman upang mapasunod ito.

- FLEE, run away from, youthful lusts – TAKASAN, tumakbo palayo, sa masasamang pagnanasa ng kabataan.

Ano ang masasamang pagnanasa ng kabataan? Ito ang mga makasalanang pagnanasa na sa tuwina’y nagsisilbing tukso sa mga kabataan. Hindi lamang kabataan, kundi pati na rin ang mga matatanda at mga nasa hustong gulang na. Noong sinulat ni apostol Pablo ang payong ito, si Timoteo ay may sapat na gulang na bilang alagad at isang pastor na, at tiyak may asawa’t mga anak na rin. Gayunpaman, mahigpit na pinaalalahanan ni Pablo si Timoteo na TAKASAN, layuan ang mga masasamang nasa ng kabataan. Walang sinasanto ang tukso, bata man o matanda. Kaya’t anuman ang iyong edad, lalo na kapag ikaw ay tinedyer, TAKASAN mo ang mga masasamang pagnanasa. Papaano mo tatakasan ang mga ito?

(a) GUARD YOUR MIND, GUARD YOUR THOUGHTS – BANTAYAN ANG IYONG ISIP.

Lahat ng aksiyon ay nagsisimula sa isip. Alalahanin ang sabi ng Panginoong Jesus.

Mateo 5:27-30:

²⁷ *“Narinig ninyo na sinabi, ‘Huwag kang mangangalunya.’*

²⁸ *Ngunit sinasabi ko sa inyo, na ang bawat tumitingin sa isang babae na may pagnanasa ay nagkasala na sa kanya ng pangangalunya sa kanyang puso.*

²⁹ *Kung ang kanan mong mata ang sanhi ng iyong pagkakasala, dukitin mo ito at itapon, sapagkat mabuti pang mawalan ka ng isa sa mga bahagi ng iyong katawan kaysa ang buong katawan mo ay mapatapon sa impiyerno.*

30 At kung ang kanan mong kamay ang sanhi ng iyong pagkakasala, putulin mo ito at itapon, sapagkat mabuti pang mawalan ka ng isa sa mga bahagi ng iyong katawan kaysa ang buong katawan mo ay mapunta sa impiyerno.

Paano mo babantayan ang iyong pag-iisip?

- Una, magsaulo ng mga talata mula sa Biblia.

Punuin ang iyong isip ng Salita ng Diyos. Kapag sumagi ang masamang isip, agad ay palitan ito ng talata mula sa Salita ng Diyos. Ito ang paraan para mabura ang masamang isip. Palitan ito ng magagandang isip mula sa Salita ng Diyos.

- Pangalawa, dukitin ang iyong mata at putulin mo ang iyong kamay.

